# *ANG MENSAHE NG BIYAYA*

Salamat, Kapatid na Neville. Pagpalain ka ng Panginoon. Magandang umaga, mga kaibigan. Tunay na isang pribilehiyo ang makapunta rito muli ngayong umaga sa gawain ng Panginoon. At talagang labis akong humihingi ng paumanhin na wala na kaming lugar na mapaglalagyan sa mga tao sa maliit na simbahang ito. Hindi gaanong marami ang napagkakasya rito. Pero lubos kaming nagagalak na narito kayo at nakahandang magsakripisyo, na—na may tiyagang naghihintay sa amin. At gagawin namin ang pinaka makakaya namin para ihatid sa inyo ang Salita ng Panginoon sa pinakamainam na nalalaman namin kung papaano Ito ihahatid. At ngayon ako lamang. . .

2 Ang munting ginang na ito na naglalakad papasok pa lamang, mayroon siyang sanggol na ihahandog ngayong umaga, at pagkatapos nakita niya na sila'y magsisimula nang medyo huli na, at sinabi niyang maghihintay na lang siya. Hindi ko pa nakikita 'yung naturang babae dati, pero dalangin kong pagpapalain siya ng Diyos at pagkalooban siya ng pinakasagana ng Kanyang mga pagpapala sa kanyang puso, dahil sa pagiging matiyaga niyang maghintay.

3 Ngayon, papunta na sa panahon ng taon kung kailan magiging malamig-lamig at hindi na magiging napakainit kapag siksikan tayo sa simbahan. At nagtitiwala tayong pagpapalain kayong lahat nang sagana ng Diyos.

4 Ngayon gusto kong magsabi ng ilang mga bagay lamang dito bago ako mangusap. Ipinamalita ko nang magsasalita ako ngayong umaga, kung loloobin ng Panginoon, sa paksang *Ang Mga Hangin Sa Ipo-ipo*. Ngunit Kanya lamang pinalitan ito para sa akin. Hindi ko nalalaman kung anong sasalitain ko hanggang sa marahil mga ilang minuto na lang bago pumunta sa pagtitipon na ito. At sinubukan ko na nang makalawang beses ngayon ang tungkol sa paksang 'yun, at nabigo akong makuha ang tugon mula sa Diyos. Di ko alam kung bakit. Gusto ko na noon pa man, gaya ng nalalaman n'yo na na mga ministrong narito, na kinakailangan n'yong maghintay sa Panginoon para sa kung anong sasalitain n'yo.

5 Noong nakaraang gabi sa pribadong linya, nagkaroon ako ng isang—isang tawag na nagmula pa roon sa isang dako sa Arkansas, gustong lumipat ng ilang mga tao rito ngayong susunod na linggo, ang sabi'y narinig daw nilang magpapasimula tayo ng isang pagtitipon patungkol sa *Ang Pitong Tatak*. Katatapos ko lang sa *Ang Pitong Kapanahunan ng Iglesya*, sa mga dayo. At darating daw ang asawa niyang

lalaki sa Lunes upang makakuha ng trabaho sa Louisville, para makapagtrabaho siya habang naninirahan sila nang malapit-lapit upang mapakinggan ang *Pitong Tatak* na ito. Sabi ko, "Gugugol po 'yun nang mga nasa tatlong buwan, ginang. Wala kaming anumang lugar dito para ipaanunsyo 'yung pagtitipon, at kung ano pa, walang kahit ano para maasikaso ito rito sa siyudad, walang mapapaupuan para sa mga tao."

6 Gusto kong sa ibang panahon, siguro, kung kalooban ng Diyos, na talakayin 'yun sa krusada sa isang dako, simulan ang mga nasa tatlong-buwang pagtitipon at magsimula lamang mismo sa mga tatak na 'yun nang ganoon, doon sa krusada. Pagkatapos ang mga tao'y maaaring manatili mula umpisa hanggang sa matapos ito.

7 Dito, tumutugaygay ito mula sa ika-6 na kabanata ng Apocalipsis, hanggang sa ika-19. Kaya matatalakay mo ang pitong tatak, ang pitong salot, ang tatlong pagkaaba, ang tungkol sa babaing nakaupo sa kulay matingkad na pulang hayop, at ang tungkol sa sangdaan at apatnapu't apat na libo. Oh, sadyang napakarami pa ang mapapaloob upang mapaglakip-lakip ang mga 'yun bago maibigay ang Ikapitong Tatak, ang tungkol din sa pagbagsak ng ikapitong salot, ang pagtunog ng ikapitong trumpeta. At napakarami ng mga bagay na 'yun na ang lahat ay ipaglalakip-lakip 'yun nang sama-sama, at ang bawat isa sa mga 'yun ay isang dakilang aralin para sa maghapon na mismo.

8 Ngayon iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali para sa isang pagdulog na panalangin. Bago tayo manalangin, mayroon kayang ilang narito na nagnanais na maalaala sa panalanging ito, at ipabatid n'yo sa pamamagitan ng pagtaas ng inyong mga kamay. At sa inyong puso, isipin n'yo sa Diyos kung ano ang sadyang pangangailangan n'yo ngayon. At idinadalangin kong ipagkakaloob Niya ito sa inyo.

9 Makapangyarihan sa lahat at Mapagbiyayang Diyos, na Siyang Diyos na tumutugon ng panalangin, isang Amang nakakaalam ng lahat ng pangangailangan ng Kanyang mga anak. Kilala Mo na kami bago pa man kami maisilang, at bilang Mo na ang mga hakbang ng aming mga paa, ang mismong mga buhok ng aming ulo ay bilang na, at ang aming mga pananalita ay tinitimbang na lahat sa Iyong timbangan. Kaya naman, Panginoong Diyos, hayaan Mo po kami sa umagang ito na makapakinig nang mabuti sa mga bagay na ito, sa taimtim na tungkuling ito na mayroon kami sa Iyong harapan.

10 Marami sa mga kamay na itinaas ngayong umaga, dito sa munting kapulungang ito, marahil ay para sa panalangin para sa kanilang mga katawang may sakit, para sa isang napariwarang mahal sa buhay. Iyo pong nalalaman ang kanilang mga puso't ang lahat ng nasa kaloob-looban nila. Dahil, noong tumayo

Ka rito sa lupa, sa anyo ng isang tao na tinawag na Jesus, na aming Panginoon, nalaman Mo ang pinaka lihim ng puso. Ang lahat ng bagay na kayang likhain ng mga tao sa kanilang mga isipan, kaya Mong sabihin nang pabalik mismo sa kanila kung tungkol saan ang iniisip nila, "Bakit nagtatanong kayo sa inyong puso ng ganito?" Napagkilala ni Jesus ang kanilang iniisip. At nabasa namin sa Kasulatan na Ikaw ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At nasusulat din na, "Kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo, ay paroroon Ako sa gitna nila." Kaya narito kayo ngayong umaga, sa anyo ng Espiritu Santo, at nalalaman ang bawat hangarin na nasa puso ng mga tao.

11 Idinadalangin ko po sa Iyo, Diyos Ama, na magsalita Ka po pabalik sa kanila at sasabihin, "Natupad na ito. Ang inyong kahilingan ay natugunan na, at Aking—Aking ipinadadala sa inyo ang katiyakan ngayong araw na ito na ang lahat ng hiniling n'yo ay ipinagkakaloob na."

12 Diyos, inaalala po namin lalo na 'yung mga hindi pa ligtas, na nagtaas ng kanilang kamay. Nawa ito na ang oras na tatanggapin nila si Cristo bilang kanilang Tagapagligtas.

13 Bago magtapos ang pagtitipon ngayong araw, may isang bagay nawang maganap, Panginoon, na magdadala sa Iyong Presensya nang napakalapit sa mga tao na malalaman nilang ang siya ring Jesus na 'yun na lumakad sa Galilea ay nakatayo sa gitna ng Kanyang mga tao, na makakaalis sila rito ngayon na taglay ang gayunding katiyakang tinaglay nila na mga nanggaling sa Emaus noong panahong 'yun. Noong sila'y nasa kanilang daan na pabalik, matapos na naglakad nang maghapon kasama Siya, nakikipag-usap sa Kanya, at nakikipag-usap Siya sa kanila, at ganoon pa man ay hindi nila sukat-akalaing Siya na pala 'yun.

14 Oh Diyos, napakaraming beses na ganoon kami. Nakikipag-usap Ka sa amin sa paglubog ng araw, sa pag-awit ng mga ibon, sa lawiswis ng mga dahon, sa pamumukadkad ng mga bulaklak, sa mga himno sa simbahan, at halos hindi namin mapagkilalang Ikaw pala ito. Sa mga silid ng mga maysakit sa ospital, maraming mga lugar, nakikipag-usap Ka pala sa amin at halos hindi namin mapagkilalang Ikaw ito.

15 Ngayon, Panginoon, sa pagbalik namin sa aming mga tahanan ngayong umaga, amin nawang, gaya naman nila, mapagkilala, gumawa Ka nawa sa aming kalagitnaan ng isang bagay ngayon na gaya ng ginawa Mo noon doon. Napagkilala nila ang bagay na ginawa Mo roon sa harap nila. Ginawa mo na 'yun bago ang pagpapapako sa Iyo sa krus, at napagkilala nilang iyon ang Diyos na nagbangon. Bumalik sila sa kanilang mga grupo, na nagagalak at nagpupuri sa Diyos, dahil nalaman nilang buhay Siya. At ang sabi nila, "Hindi ba't nag-alab ang ating mga puso sa loob natin habang kinakausap Niya tayo sa

daan?" Panginoon, ang Iyong pagpapakita roon at paggawa ng isang bagay na gaya ng ginawa Mo bago ang pagkakapako Mo sa krus, ay nagpatunay sa Iyong muling pagkabuhay, na Ikaw ang siya pa ring Jesus, na nagdulot sa kanila upang maalala ang kanilang pakikipag-usap sa Iyo. Nakipag-usap Ka sa amin nang buong sanlinggo, Panginoon. Ngayon ay magpakita Ka po sa aming kalagitnaan at magpakilala Ka mismo sa bawat pusong nangangailangan. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus, at para sa Kanyang kapakanan. Amen.

16 [Isang kapatid na babae ang nagsimulang magsalita ng ibang wika. Blangkong bahagi sa teyp. Isang kapatid na lalaki ang nagbibigay ng interpretasyon—Pat.]

17 Ngayon mananalangin ang kongregasyon:

> Ama naming nasa Langit, Sambahin nawa ang Pangalan Mo.
> Dumating nawa ang Kaharian Mo. Masunod nawa ang kalooban Mo dito sa lupa, kung paano sa Langit.
> Bigyan Mo kami ngayon ng aming pagkain sa araw-araw.
> At patawarin Mo kami sa aming mga pagkakasala, gaya rin namin na nagpatawad sa mga nagkasala sa amin.
> At huwag Mo kaming dalhin sa tukso, iligtas Mo kami sa masama; sapagka't sa Iyo ang Kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailanman. Amen.

18 Na kung ang aking panulat ay maging paet ng iskultor at ang aking papel ay maging papel de liha, at ang mga Salitang ito na sinasabi ko ngayon, ay maiukit dito upang mapunta Ito sa lahat ng mga tao.

19 Ang Espiritu Santo ng Diyos ay may mga kakaibang pamamaraan ng pakikipag-ugnayan sa Kanyang mga tao. Maraming pagkakataon sa pamamagitan ng mga kababalaghan at sa pamamagitan ng mga kaloob at mga pagkatawag, na hindi nagbabago, na ipinagkakaloob ng Diyos sa Kanyang bayan dahil sa Kanyang biyaya.

20 Nakauwi na po ako rito sa atin ngayon, kaya para bang isang maiksing bakasyon ito. Kadalasan ginugugol ko ang panahong ito sa bahay, kapag ganitong panahon ng taon, dahil gusto kong magpahinga kapag nagpupunta ako sa pangangaso ng squirrel. At nanggaling ako sa Kentucky kasama ng mga kaibigan ko nitong sanlinggo, nangaso ng squirrel, sa paborito kong lokasyon. Para bang nakaramdam ako ng panghihina ng loob, hindi naman dahil sa hindi ako makahanap ng mga squirrel, kundi basta na lamang may naramdaman akong panghihina ng

loob. Parang may nagsasabi sa akin na kailangan kong umuwi. At natulog ako sa kotse habang pabalik ako.

21 Noong nakaraang taon, gaya ng alam n'yo nang lahat, haya't naimprinta ito at naipatotoo na rin at nasa mga teyp. Nakaupo ako sa isang lugar dito sa Indiana kung saan bumaba ang Panginoong Diyos at nakipag-usap sa akin, na, ang ikalawa kong pagmi-ministeryo, ay nakahanda nang matupad sa malapit na hinaharap. At may lumitaw sa pamamagitan ng pagsasalita na tatlong squirrel. Alam n'yo nang lahat ang kuwento, sigurado ako. Mangyari nga, na habang binabagtas ko ang daan ako'y . . . habang pinapaalis ko 'yung ibang kalalakihan, para mangaso, nagkaroon ako—nagkaroon ako ng kakaibang pakiramdam na magpuntang muli sa lugar na ito. Bago magbukang-liwayway noon, umuulan, at hindi ko alam kung nakapangaso sila o hindi, pero para makapunta ako sa may bukid doon. Ang ibig sabihin po ng *pangangaso* ay "para makapag-isa, para manalangin." At inihinto ko ang kotse at bumaba at lumakad sa kabila ng daan at nagpunta sa may palumpong, at bago lamang magliwanag ang araw, medyo makulimlim noon, madaling araw.

22 Huminto ako at naghandog ng isang munting pagdulog na panalangin, gaya ng nakagawian, at sinasabi sa Ama, na, "Sadyang kung ano lamang ang pangangailangan ko, ay ipagkaloob Mo po ito." Hindi ako naniniwala sa pagsasayang ng anumang bagay, o pagsira; hindi ako kailanman namaril ng ibon para pag-ensayuhan sa pamamaril, o anuman. Kung ano ang binabaril ko, kinakain ko, o ibinibigay sa sinumang kumakain nito. Hindi ako naniniwala sa pagsasayang ng kahit ano. Hindi ako naniniwala sa paggawa ng mga bagay na 'yun, dahil sa hindi tama 'yun.

23 Pagkatapos sa pagliko ko at nagsimulang maglakad sa isang kabisado ko nang maliit na daanan sa may gilid ng isang pastulan na tumatawid sa isang pahugis-L sa kakahuyan, haya't may bagay na kakaiba na naganap. Sa lahat ng mga karanasan ko, hindi pa ako kailanman nagkaroon ng anumang gaya nun. Tumingala ako sa ibabaw ng burol sa kaliwa ko mula sa kung saan ako nakatayo, at doon, papalabas mula sa tila ba ibabaw ng burol, lumabas ang tatlong bahaghari. At ang mga iyon ay umaabot ng humigit-kumulang tatlumpung talampakan ang taas. Una, tumingin ako at nakita ang Liwanag at bumaling ako't nagpatuloy na, dahil sa isip-isip ko baka ang araw 'yun na papasikat na. Sa muli kong pag-iisip, hindi 'yun pagawi sa araw, pagawi 'yun sa timog. At isa pa, banayad noon, maulap, may ulan, umuulan sa lahat ng dako. Ika-dalawampu't lima ng Agosto noon, huling Biyernes ng umaga, at alam n'yo na umuulan talaga. At may payapang mga ulap sa lahat ng dako.

24 At tumingin ako uli. At hayun ito, papataas nang papataas, tatlong bahaghari. Hinubad ko ang sumbrero ko. Inilapag ko ang aking baril. Nagsimula akong maglakad pagawi roon na

nakataas ang mga kamay ko. Mayroong tila ba nagsasabi sa akin, “Sapat na ang lapit mo.” Mauupo sana ako at huhubarin ang mga botang suot ko, para tingnan kung maaari pa akong lumakad nang mas malapit pa nang kaunti. Pero nakarating ako sa loob nang ilang yarda at nakita ko ang kulay nito, medyo malabo na parang isang hamog na pumapailanlang sa paligid. Hindi ako gumalaw sa pagkakatayo nang ilang sandali. Galing ’yun sa ibabaw nung maliit na bundok. At pinanood ko, habang ang tatlo (isa sa kanan, isa sa kaliwa, at isa sa gitna) ay tumutugaygay sa isang tila mangkok. Kung ano man ’yun, ay buhay ’yun, pumapailanlang Ito at gumagalaw Ito. At tumayo ako roon habang nagkukulay-abo ang paligid, madaling araw.

25 Bumaling ako at tumingin muli, at sumigaw ako, “Oh Diyos, ano pong ibig Mong ipabatid sa Iyong lingkod?”

26 Noon din ay dumating ang Espiritu ng Panginoon at nagsabi, “Si Jesus ng Bagong Tipan ay ang Jehovah ng Luma, binago lamang Niya ang Kanyang maskara mula sa Espiritu patungo sa Tao.” Iyon ay pagkukumpirma, siyanga, ng Mensahe ko patungkol sa Kanya. Ipinapabatid sa akin, nakatitiyak na ang mga tatlumpung taon na ito ay hindi walang saysay.

27 Habang papalapit ako, unti-unti naman Itong umaalis, at nagpababa sa isang tila mangkok na bagay, at saka naglaho. Lumapit ako. Natakot akong lumapit pa, dahil sa pinigilan na Niya ako bago pa man ako makarating doon.

28 Bumaling ako at napansin ang Liwanag na ’yun sa paraang nagliliwanag Ito para sa akin, nakalinya nang eksaktong-eksakto sa punongkahoy kung saan ako naupo noong nakaraang taon, kung saan lumitaw ’yung mga squirrel. Mga tatlumpu’t lima o apatnapung minuto pagkatapos, bumaba ako sa kakahuyan at sa may ibabang mga sapa at doon, hanggang sa makarating ako sa punongkahoy na ito na naghihiwalay sa apat na direksyon (silangan, hilaga, kanluran, at timog), apat na sanga ng punongkahoy, na nagsasanga. At umakyat ako sa sangang ito, at naupo sa dako noong sinabi Niya sa akin noon ang tungkol sa Kasulatang ’yun, “Kung sasabihin mo sa bundok na ito, ‘Malipat ka.’” At habang nakatayo ako roon nang kaunting panahon, hindi pa iniisip ang tungkol doon sa bahaghari, nawala na ito sa isip ko. Tumayo ako roon. At ’yung taon na ’yun ay para bang matumal na taon para mangaso ng squirrel, ang lahat ay atrasado na, wala nang mga squirrel.

29 Sa isip-isip ko, “Dito mismo ay kung saan ibinigay sa akin ng Diyos ’yung mga squirrel noong nakaraang taon, na pinalitaw sa pamamagitan ng salita.” Hinubad kong muli ang sumbrero ko, at sinabi ko, “Panginoong Diyos, Ikaw ay siya pa ring Jesus. Ikaw ay Diyos pa rin.”

30 At may Isang nagsabi sa akin, “Ilan ba ang kailangan mo ngayon?”

31 Sabi ko, "Kung ilan noon, 'yung itinalagang dami lang." At pagkatapos ang sabi ko, "Maaabot ko ang itinalagang dami bago mag-alas diyes ngayong araw." At tila ba kakatwa, kung kailan naroon ako sa isang lugar na malamok, kung saan pinamumugaran ng mga lamok, at para bang isang latian, at isang napakalaking lamok ang kumagat sa akin sa may kanang mata, at ang sabi ko, "Walang lamok ang aabala sa akin ngayong araw na ito," haya't wala akong pamahid o anuman na dala ko. At, bago ko pa malaman, sabi ko, "Sisikat ang araw sa loob ng tatlumpung minuto."

32 At kasasabi-sabi ko pa lamang, haya't sa likod ko mismo, isang squirrel na katulad na katulad nung isa noong nakaraang taon, bata pa, mapula, ang lumundag mula sa sanga ng mga pitumpung yarda ang layo at nagsimulang mag-ingay. Pumihit ako. Sa ganoon kalayong distansya, halos hindi ko, sa pangmalayuang teleskopyo, nakita ko ang kanyang mata. Basta bumaril ako, siyanga, ni hindi ko inasinta, nang eksaktong-eksakto sa squirrel. At 'yung bala ay sadyang dumirekta mismo sa mata kung saan ito noong una.

33 Nagpatuloy pa akong bumaba doon sa kakahuyan. At eksaktong talong minuto bago mag-alas diyes, nabaril ko ang ikatlo kong squirrel, katulad lamang noong nakaraang taon, sadyang parehong-pareho. Tatlong minuto bago mag-alas diyes. Ang Diyos, ang siyang tapat kong Hukom, ni wala ni isa mang lamok ang nag-ingay maghapon, kahit doon sa lugar na tone-tonelada sa saksakan ng dami nila, sa palagay ko, kung titimbangin man sila. At ni hindi na ako nakakita o nakarinig ng isa. Pinakikinggan ko sila, para malaman ko kung maririnig ko ba. At may narinig akong umuugong, sa isip-isip ko, "May isa sa kung saan dito," at pinakinggan ko at isang truck pala, sa dako roon sa daang-bayan. At eksaktong tatlumpung minuto mula noong oras na 'yun, suminag ang araw nang mainam at maliwanag.

34 Pagkatapos bumalik na ako sa lugar. At iniisip ko, noong sinabi kong "itinalagang dami," ang ibig sabihin nun ay *limang squirrel*, na pinahihintulutang dami sa Indiana. Pero natandaan ko noong nakaraang taon, noong tinanong Niya ako kung ilan ang kailangan ko para pagkain, sabi ko, "tatlo," at tatlo nga ang nakuha ko. Kaya bumalik ako kahapon, pupunta sana ako sa parehong lugar muli, at may Isang nagsabi, "Huwag kang pumunta. Tawirin mo ang daan."

35 At eksaktong alas diyes, sa eksaktong oras, alas diyes sa relo ko, nakabaril na ako sa pinahintulutang dami ng Indiana, ikalimang squirrel. Gusto kong mapansin n'yong may tatlong bahaghari, at may tatlong bagay na sinabi, tatlong squirrel na nakuha. May tatlong bagay: tatlong squirrel bago mag-alas diyes, walang mga lamok, sisikat ang araw sa loob ng tatlumpung minuto. At may tatlong makapagpapatotoo rito:

sina Kapatid na Banks Wood, ang anak kong si Billy Paul, at ang anak niyang si David, upang magpatotoo rito.

36 Noong makita ko ang mga bahagharing 'yun, mga kasing lapad 'yun nung halo, 'yung Anghel ng Panginoon, haya't 'yung tatlo na 'yun ay tumutugaygay sa Isa. Oh, gaano nga nitong nilingap ang puso ko, na malaman na ang Diyos, si Jesus ay hindi lamang isang tao na gaya ng iniisip ng mga tao na ganoon daw Siya, na isa lamang daw propeta, gaya ng iniisip nitong makabagong kaisipan ngayon na si Jesus ay isa lamang daw propeta, Siya'y ang Jehovah ng Lumang Tipan na nagsa-laman at tumahan sa gitna natin. At, doon, tunay ngang binigyan ako ng kaaliwan nun. Pagkatapos, binubulay ko ang tungkol sa paksa na 'yun, na hinanap ng Diyos ang napakaraming tao.

37 Ngayon, may isang grupo ng mga tao, na tinatawag ang kanilang sarili na "Oneness" o itong "Jesus Only." Hindi ako sumasang-ayon sa kanila sa kanilang teorya. Hindi rin ako sumasang-ayon—sumasang-ayon doon sa grupong trinitarian na nagsasabing may tatlong magkakaibang Diyos, 'yung sukdulan na mga trinitarian. Subalit naniniwala akong ang tatlo, Ama, Anak, at Espiritu Santo, ay Isa, na tatlo silang mga opisina ng isang Diyos. Nabuhay Siya sa pagiging Ama, sa Haliging Apoy; nabuhay Siya sa pagiging Anak, kay Jesus Cristo; at nabubuhay Siya ngayon sa Espiritu Santo sa Kanyang Iglesya. Ang siya ring Panginoong Jesus na nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin, ay kasama natin ngayong araw na ito, sa gitna natin, sa anyo ng Espiritu Santo.

38 Sa lahat ng mga karanasan! Noong unang pagbaling ko at nakita Iyon, una kong inisip na baka ang araw lang Iyon na nakasilip sa isang—isang ulap sa kung saan, pero bago pa naman 'yun umaraw. Pagkatapos noong lumingon muli ako, at nakitang hindi 'yun isang ilaw, mga bahaghari pala. At pagkatapos noong tumingin ako at nakita 'yun, ganap akong namanhid.

39 May nagsabi sa akin, "Naramdaman mo ba noon na parang gusto mong sumigaw?" Hindi, hindi ko naramdaman na parang gusto kong sumigaw. Yung mga karanasang gaya nun ay hindi ka pararamdamin na gusto mong sumigaw, ang ipararamdam sa iyo ay 'yung para kang nakaangkla, 'yun bang parang nalalaman mo na may isang bagay na nagsasabi sa'yo, isang pakiramdam ng kapanatagan.

40 Ngayon, ang mga bagay na 'yun ay katotohanan. Alam kong may mga bagay tayo na nagsasabi, na kadalasan sinasabi ng ilang tao, "Oh, hindi ako naniniwala sa ganyang bagay." Hindi ko mapatutunayan 'yang iba, na hindi ko alam. Maaari lamang akong magpatotoo sa kung anong alam kong katotohanan. At ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na Siyang sumulat sa Bibliang ito, at ako'y Kanyang lingkod, alam Niyang iyon ay ang katotohanan.

41 Isipin n'yo 'yun, na sa araw na kinabubuhayan natin, bago lamang ang pagparito ng Panginoon, ang sabi ni Jesus, "Magkakaroon ng mga tanda sa langit at sa lupa, mga dakilang tanawin, mga flying saucer, mga misayl, panahon ng lubhang pagkalito, alitan sa pagitan ng mga bansa, at mga bagay na kakila-kilabot sa lupa." At nabubuhay tayo sa panahong 'yun, upang makita ang mga bagay na 'yun.

42 Ngayon, para sa Mensahe sa umagang ito na pinili ko, Gusto kong samahan n'yo ako sa pagbubukas sa mga Kasulatan sa Zacarias. Ito ay aking . . . Zacarias, sa—sa ika-4 na kabanata.

43 Hangad ko na sabihin sa inyo ang mga bagay na ito. Maraming pagkakataon na nangyayari ang mga bagay na hindi ko—hindi ko ito ipinapahayag, hindi ko ito sinasabi. Subalit napakabukod-tangi nito para itago ko ito sa iglesya. Kailangan itong maipahayag! At, sa harap ng Diyos na sa Kanya ako'y nakatayo, ito'y ang katotohanan. Alam kong may isang Diyos, at alam kong si Jesus Cristo ay ang Anak ng Diyos, ang Emmanuel, na nananahan sa gitna ng Kanyang bayan ngayon sa anyo ng Espiritu Santo. At alam kong papalapit na ang Pagparito ng Panginoon, kung kailan ang mga tanda at mga kababalaghan ay naglilitawan na.

44 Katatapos lamang natin sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya, at nalaman natin na tayo'y nasa huli't Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea na, kung kailan ang iglesya ay magiging walang pakialam, magiging malamig, mauuwi sa denominasyon, at mag-oorganisa; sasakupin ito ng mga organisasyon, lalamunin ito. Pero may isang pangako na magkakaroon ng kaunting matitira. Magkakaroon ng isang Iglesyang mangangalat sa iba't ibang dako, na titipunin Ito ng Diyos at aagawin Ito patungo sa Kaluwalhatian; isang munting binanal na grupo sa kung saang dako, na naghihintay sa Panginoon.

45 Pagkatapos noong isang araw noong tinalakay ko ang *Pitumpung Sanlinggo Ni Daniel*, sa pagkakatayo ko rito mismo sa pulpito, may Isang umantig sa akin, hindi na ako nakalayo roon. Haya't ang makita ang oras na kinabubuhayan natin! Ibig kong pumunta sa isang dako at gumawa na lang ng iba, alisin ito sa isipan ko. Napakarami ko pang mga mahal sa buhay na hindi pa ligtas. Yamang iniisip, anong magagawa ko para mailigtas sila? Ano pa bang mayroon na magagawa ko? Ipinangaral ko na ang Ebanghelyo. Gumawa ang Diyos ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan na gaya ng hindi pa Niya kailanman ginawa magmula na lumitaw ang mundo, mula sa panahon ng Panginoong Jesus, hindi pa Niya ginawa kailanman sa buong kasaysayan ng panahon. At lumaganap na ito sa palibot ng mundo. At ganoon pa rin na patuloy ang mundo sa paglala. Ngunit ganoon pa man kailangan kong tandaan na nabubuhay tayo sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea, kung saan mas lalala pa sila, at sinabi Nitong magiging malala pa nga sila.

46 Kaya naman pinili ko ngayong umaga, dahil ang Mensaheng 'yun ay labis na tinutuligsa, ang isa pang bagay na labis kong ikinaantig, ay, ang pangangaral ng biyaya. Gusto kong mangusap tungkol doon ngayong umaga habang binabasa ko ang ika-4 na kabanata ng Zacarias, isang bahagi nito.

> *At ang anghel na nakipagusap sa akin ay bumalik, at* ginising *ako, na gaya ng tao na nagigising sa . . . pagkakatulog,*
>
> *At sinabi* niya *sa akin, Ano ang iyong nakikita? At aking sinabi, Ako'y tumingin, at narito isang kandelero na taganas na ginto, na may taza sa ibabaw niyaon, at ang pitong ilawan niyaon sa ibabaw, may pitong tubo sa bawa't isa sa mga ilawan, na nasa ibabaw niyaon:*
>
> *At may dalawang puno ng olibo sa siping niyaon, isa sa dakong kanan ng taza, at ang isa'y sa dakong kaliwa niyaon.*
>
> *At ako'y sumagot at nagsalita sa anghel na nakikipagusap sa akin, na aking sinabi, Anong mga bagay ito, panginoon ko?*
>
> At *ang anghel na nakikipagusap sa akin ay sumagot na nagsabi sa akin, Hindi mo baga nalalaman kung ano ang mga ito? At aking sinabi, Hindi, panginoon ko.*
>
> *Nang magkagayo'y siya'y sumagot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Ito ang salita ng* PANGINOON *kay Zorobabel, na sinasabi, Hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng aking Espiritu, sabi ng* PANGINOON *ng mga hukbo.*

47 Nakikita n'yo? Hindi darating ang Mensahe sa pamamagitan ng kamangha-manghang mga kalakasan o mga kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos! Huling talata, ika-7 talata.

> *Sino ka, Oh malaking bundok? sa harap ni Zorobabel ay magiging kapatagan ka: at kaniyang ilalabas ang pangulong bato na may* hiyawan*, pagiyak, Biyaya, biyaya sa kaniya. Biyaya, biyaya sa kanya.*

48 Alam na alam nating lahat ang Kasulatang ito, na mga nagbabasa ng Biblia. Alam nating panahon ito noon na naghahanda sila sa pagpapanumbalik ng templo. At si Zorobabel ay isang prinsipe sa gitna ng bayan, na naglatag sa pundasyon ng gusali. Ngayon, inyong, ibig kong isuot n'yo ang inyong espirituwal na pag-iisip, pinahirang dyaket, ngayong umaga, habang nagbubulay tayo. At heto't desidido ang dakilang prinsipeng ito na itayong muli ang bahay ng Panginoon. At pagkatapos, noong napagpasyahan niya, inilatag niya ang batong pundasyon.

49 At sa patuloy pa nating pagbasa, nalaman natin na sinabi ng Diyos, “Inilagay ni Zorobabel ang pundasyon sa pamamagitan ng kanyang mga kamay, kanya ring ilalagay ang pangunahing bato.” Ibig kong pansinin n’yo, hindi Niya sinabing kanyang ilalagay ang “Batong Panulok.” Kanyang ilalagay ang “pangunahing bato.”

50 At alam nating sinasabi ng Kasulatan na si Jesus ang Pangulong Batong Panulok, at Siya rin ang Pangunahing Bato. Ngayon kung iisipin natin pansumandali, na, ang ikapitong mensahero sa iglesya ay “papagpapanumbalikin ang Pananampalataya ng mga anak sa mga magulang.” Sa iba pang mga salita, itatayong muli ang Iglesya sa ilalim ng Kapangyarihan ng Espiritu. “Hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan, hindi sa pamamagitan ng kalakasan, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu,” sabi ng Panginoon. Hindi sa pamamagitan ng organisasyon, hindi sa pamamagitan ng denominasyon, kundi sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ilalabas ng Diyos ang Iglesya sa huling araw.

51 Si Zorobabel, ang prinsipeng katulad ni Josue, ang siyang maglalagay nung pangunahing bato na ito. Inilatag Niya ang pundasyon, dinala niya ang bayan pabalik sa pundasyon, sa tipo.

52 Na, alam nating lahat na ang mga kandelerong ito at iba pa ay kumakatawan kapwa sa mga Judio at sa iglesya. Sila’y “mga sanga ng olibo,” sabi rito ng Biblia. At ang sanga ng olibo, tayo ang ligaw na sangang inihugpong sa ugat ng domestikadong puno ng olibo; mga Gentil! At mula sa dalawang sangang ito ay may dalawang tubo na lalagyanan ng insenso, na tumutugaygay sa pitong gintong kandelero, upang magbigay ng Liwanag sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya.

53 Ngayon alalahanin, sa pagtuturo natin sa mga aralin na katatapos lamang natin, tinalakay natin ang dakilang piramide at pinag-aralan natin pansumandali, na siguradong itinayo ’yun ni Enoc. At hindi kailanman inilagay ang pangunahing bato sa piramide. Nakapunta na ako roon. Ang arkitektura nito’y hindi na maaaring tumbasan hanggang sa araw na ito. Wala tayong mga makinaryang makapagtatayo ng isang piramide, walang mga puwersa (’liban sa puwersang atomika) na makapagtatayo ng isang piramide, dahil napakalaki nito. Mga batong titimbang ng tone-tonelada, nakatayo roon na abot sa himpapawid, pinaglapat-lapat nang husto na maging ang isang manipis na talim ng labaha ay hindi . . . At hindi sementado ang mga ’yun, sadyang tinabas sila para maglakip-lakip ang mga ’yun sa isa’t isa.

54 Ganoon dapat ang Katawan ni Jesus Cristo, ganap na tinabas ng Espiritu Santo, sa pamamagitan ng dakilang Instrumento at Kasangkapan ng Diyos, upang maglakip tayo bilang isang

Katawan. Hindi tayo watak-watak. Kinakailangang maging isang Katawan tayo! At ipinapakita nitong walang makinarya ang makagagawa nun sa ganoong paraan. Kinakailangan ang Diyos para magawa 'yun. Walang mekanika ng organisasyon, walang mga sekta, wala sa mga bagay na ito ang makagagawa nun, mabuti man ang kanilang hangarin. Hindi nila magagawa 'yun, dahil kinakailangan ang Diyos para magawa ito, ang Espiritu Santo.

55 Palagay ko wala yata akong isang-dolyar na papel sa bulsa ko. Teka't meron yata . . . Oo, mayroon ako, may isang-dolyar na papel ako. Paumanhin po. Sa likod ng isang-dolyar na papel na ito makikita n'yo ang tatak ng Estados Unidos sa kaliwang panig, kapag nakaharap sa inyo. Kapag nakaharap sa akin, ito po'y sa kaliwang panig; sa inyo, ay kanan po. Heto 'yung agila. At nariyan din ang sagisag at iba pa. Subalit dito sa panig na *ito*, kanang panig, sa akin, makikita n'yo ang piramide. At pansinin n'yo, sa itaas ng piramide ay may batong panakip, at sa ilalim nito ay sinasabi riyan, "Ang Dakilang Tatak." Maging sa salapi natin, na kailangan nating kilalanin 'yun. Walang hindi naniniwala sa Diyos ang makatatanggal sa Cristianismo. Ang bawat liham na nilalagyan n'yo ng petsa, ay inilalagay n'yo ang kapanganakan ng ating Panginoon. Bawat kalendaryo, ang lahat ng bagay ay nagsasabi ng tungkol sa Kanya. At maging sa salapi natin, ang Pangunahing Bato, na si Cristo! Bakit hindi nila inilagay ang pangunahing bato sa piramide? Dahil tinanggihan ang Pangunahing Bato noong dumating Ito.

56 Subalit ngayon, ayon sa propesiya, darating ang Pangunahing Bato. At ibig kong pansinin n'yo, kapag dumating na ang Pangunahing Bato, ang prinsipeng isisigaw ang Mensahe ay sisigaw ng "Biyaya! Biyaya!" Dahil sa biyaya tayo'y naligtas, hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmalaki. At niyurakan ng mga paa ng mga tao ang Mensahe ng biyaya hanggang sa ito'y naging kadustaan. Ang ilan sa kanila ay napupunta sa Walang Hanggang seguridad, ang ilan ay napupunta sa lahat na ng bagay. Subalit, ang tunay na Mensahe ng biyaya ay nananatili sa kung papaano noon, at diyan sinisikap ni Satanas na pabagsakin ito sa Iglesya. Pero sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos tayong lahat ay naligtas.

57 Kaya sa pagka-Diyos ni Jesus Cristo, yamang makadadako roon ang Panginoong Diyos at papatunayang 'yun ay Katotohanan, haya't hindi lamang 'yun, kundi sa pamamagitan ng Salita Niya ay Kanyang pinatunayan na ito'y ang Katotohanan, at sa pamamagitan ng mga tanda at kababalaghan ay Kanyang pinatunayan na ito'y ang Katotohanan, kung gayon, gayundin naman, na ang biyaya ay ang Katotohanan. Kung ganoon bakit may mga tao na nagagawang batikusin at sabihing mali ang biyaya, na "naligtas daw tayo sa mga gawa"? Naligtas tayo sa biyaya, sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi

sa pamamagitan ng mga gawa. Mga gawa ang nagpapakita na ligtas kayo. Pero ang nagliligtas sa inyo ay ang biyaya ng Diyos. Inililigtas kayo ng biyaya. Ang biyaya ay 'yung kung ano ang ginagawa ng Diyos para sa inyo. Ang mga gawa ay 'yung kung anong ginagawa n'yo para sa Diyos, upang ipakita ang pagpapahalaga n'yo sa kung anong ginawa ng Diyos para sa inyo. Subalit sa biyaya kayo ay naligtas!

58 Akala ng ibang tao, "Dahil ito sa nakikianib ako sa iglesya, nailalagay ko ang pangalan ko sa aklat ng pagdalo, ganoon lang ang kailangan kong gawin." Akala ng ibang tao, "Dahil ito sa nakasisigaw ako, ganoon lang ang kailangan kong gawin." Akala naman ng iba, "Dahil ito sa nakakapagsalita ako ng iba't ibang wika, ganoon lang ang kailangan kong gawin." Akala ng iba, "Dahil ito sa may taglay akong kapangyarihan upang magpagaling ng mga maysakit, ganoon lang ang kailangan kong gawin." Hindi dahil dun! Ang biyaya ng Diyos ang nagliligtas sa inyo, ang kamangha-manghang biyaya ng Diyos. Hindi ako maaaring magtiwala sa anumang mga mabuting gawa. Sabi ng ilan, "Buweno, may isang dakilang lalaki. Ang lalaking 'yun, narinig ko siyang tumayo at ginawa ang *ganito*, narinig ko siyang tumayo at ginawa ang *ganoon*."

59 Sabi ni Pablo, sa Unang Mga Taga-Corinto 13, "Kung ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at ng mga Anghel, bagamat may taglay akong pagkilala, kahit ako'y may mga kaloob, na magpakain, gagamitin ko ang lahat kong ari-arian upang pakainin ang mga dukha, kahit mapalipat ko ang mga bundok sa pamamagitan ng pananampalataya, kahit mayroon akong kaalaman upang maunawaan ang lahat ng mga bagay, ako'y walang kabuluhan hanggang sa pumasok ang pag-ibig, na siyang biyaya." Kinakailangang na Diyos ang gumawa nito. Puwedeng magawa n'yo ang lahat ng mga bagay na ito at kayo'y mapapahamak pa rin. Biyaya ang nagliligtas sa inyo, ang biyaya ng Diyos sa sangkatauhan.

60 Ang isadiwa Siya! Binubulay ko ang biyayang 'yun pagkatapos na pagkatapos na nagpakita 'yun noong Biyernes ng umaga, sa pagbubukang-liwayway lamang, doon sa bukid na 'yun noong naupo ako sa isang troso, paglipas ng ilang saglit, at tumulo ang mga luha sa mga mata ko. "Oh, Diyos, ang Iyong biyaya ay bumaba upang iligtas ako. Bakit Ka nahahabag sa isang dukha, mangmang na abang gaya ko? Papaanong bumaba Ka sa aming hamak na munting tabernakulo, kung saan ang kapayapaan, at mga taong mababa ang kalagayan sa buhay, dukha, walang kahit ano sa mundong ito, at gayunman ang biyaya Mo ay ipinahid sa aming mga puso, ng Espiritu Santo, na pinagagaling Mo ang aming mga karamdaman at inililigtas ang aming mga kasalanan, o inililigtas kami sa aming mga kasalanan, ang ibig kong sabihin, at ginawa kaming maging Iyong bayan, nakikitungo sa amin?"

61 Saka ko naisip si David, kung paanong noong nagkaroon siya ng isang plano na magtayo ng isang bahay para sa Panginoon, sabi, "Hindi tama para sa akin na tumira sa isang bahay na gawa sa cedro, at ang Kaban ng tipan ng aking Diyos ay nasa ilalim ng mga balat ng tupa at isang tabernakulo."

62 Sinabi ng Diyos sa propeta, "Humayo ka't sabihin sa Aking lingkod, na si David, kinuha Kita mula sa kulungan ng mga tupa, mula sa pagpapakain sa ilang mga tupa ng kanyang ama sa dako roon, at 'ginawa Kitang isang dakilang pangalan gaya ng mga dakilang tao sa lupa.'"

63 Naisip ko ang biyaya ng Diyos, kung papaanong kaya Niyang gawin 'yun, ligtas hanggang sa sukdulan! At pagkatapos kukuha ng isang dukhang aba na gaya ko, at pagkalooban ako ng pagkakataong ipangaral ang Ebanghelyo at upang makita ang iba na maligtas, makita silang gumaling; makita ang mga tahanang nawasak, na naituwid muli; makita ang mga buhay na nasira, na naitamang muli. At upang pagkalooban ako ng biyaya! Naisip ko, "Oh, ito'y kamangha-manghang biyaya!" Mangyari na pupunta sa isang hamak, mababang mangangaso ng squirrel doon sa kakahuyan, at inanyuan ang Kanyang Sarili sa anyo ng *bahaghari*, na ang ibig sabihin ay isang "tipan," na may isang Mensaheng ipinagkaloob Niya sa akin upang ipangaral, at inanyuan ito roon sa isang tipan, na Siya'y nasa likod Nito! At itataguyod Niya Ito, dahil ang Mensahe ay patungkol kay Jesus Cristo at sa Kanyang kaluwalhatian.

64 Kung papaanong itinulot Niyang makapunta ako sa buong mundo, sa palibot ng mundo, sa mga bansa, sa milyun-milyong mga tao, makita ang milyun-milyong lumalapit sa Panginoon at tinanggap Siya bilang personal na Tagapagligtas, nakita silang napuspos ng Kanyang kabutihan at nilinis ng Kanyang kapangyarihan, nakita silang pinagaling ng Kanyang napakadakila sa lahat na kapangyarihan. Kung ganoon makasisigaw akong gaya ng propeta, at sasabihin, "Hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan, ni ng lakas, kundi sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos." Hindi sa pamamagitan ng edukasyon, hindi sa pamamagitan ng teolohiya, kundi sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos ay Kanyang iniliwitas ang mga tao. Sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos ay Kanyang pinagagaling ang mga tao. Ang Espiritu ng Diyos ang siyang nagkakaloob ng Mensahe sa mga tao. Ang Espiritu ng Diyos ang Siyang nagpapatotoo sa Salita.

65 Mayroon tayong mga teologo ngayon, mayroon tayong mga Doktor ng Dibinidad, mayroon tayong mga dakilang tao sa buong mundo, na mga matalino, marunong at edukado. Subalit kinakailangan ang kasimplehan ng pagsampalataya sa Diyos, upang mangusap ang Kanyang Salita, upang ipakita na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kinakailangan ng isang mapagpakumbabang

pusong nakalaan sa Diyos, upang dalhin si Jesus Cristo sa panahong kasalukuyan. Amen! Kung kinailangan ng teolohiya, anupa't ang Presbyterian, Methodist, Baptist, Katoliko, at iba pa; haya't wala pala tayong tsansa kung ganoon, tayong mga dukha't walang pinag-aralang mga tao. Pero hindi kinakailangan ng kaalaman. "Hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan o ng lakas, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu," sabi ng Diyos, "Ilalantad ko ang hiwagang ito." At, "Siya'y sisigaw rito, Biyaya, biyaya, na may kasamang mga sigaw at mga pag-iyak." Iyon ito ngayon, ang kamangha-manghang biyaya ng Diyos sa Kanyang bayan. Kung papaanong kinukuha Niya ang mga mangmang, mga walang pinag-aralan, ipinapakita na si Jesus ay siya pa rin.

66 Noong dumating Siya, hindi Siya kailanman nagpunta sa mga teologo. Ni hindi rin Siya nagpunta kay Caifas, na punong saserdote; para lamang tuligsain nito.

67 Bagkus kumuha Siya ng mga mangingisda, mga lalaking dukha at lumakad nang pangkaraniwang pamumuhay. At doon inihayag Niya ang Kanyang Sarili, at sinabi, "Sumunod kayo sa Akin, at gagawin Ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao," nagpapakita na ang biyaya Niya ay umaabot pa rin maging mula sa mga Judio mapasa-hanggang sa mga Gentil, upang tumawag ng isang bayan para sa Kanyang Pangalan sa huling mga araw na ito, gaya ng pagkatalakay natin dito. Kamangha-manghang biyaya, napakatamis sa tainga!

68 Matanda na ang biyaya. Ang biyaya ay kasing tanda ng daigdig. Unang naipakita ang biyaya sa sangkatauhan noong magpasimula ang sangkatauhan. Noong unang nilikha ang sangkatauhan sa halamanan ng Eden, sa madilim na umagang 'yun noong tumawid ang munting babaing 'yun sa naghihiwalay na hangganan, at lumabag sa mga Utos ng Diyos at hinikayat ang kanyang asawang lalaki na gawin ang gayundin, at pagkatapos ay nabali ang kautusan. Marapat lamang na may kaparusahan ang kautusan dahil kung wala'y hindi ito kautusan. At ang kautusan ay, "Sa araw na ikaw ay kumain niyaon, sa araw na 'yun ay tiyak na mamamatay ka."

69 Alalahanin n'yo, ang unang luklukan ng paghatol ay sa lupa, at 'yun ay sa halamanan ng Eden. At ang huling luklukan ng paghatol ay sa lupa, sa huling araw, sa Puting Luklukan.

70 Subalit noong bumaba si Jehovah, nakikinita ko nang wala man lamang isang bituwin para magliwanag, napakadilim doon sa dating maliwanag na munting halamanan, dahil sa dinungisan 'yun ng kasalanan, inalis ang Liwanag sa gitna nila.

71 Iyon ang nangyayari sa mga iglesya ngayon. Iyon ang nangyayari sa mga tao ngayon. Tinakpan ng kasalanan ang Liwanag ng buhay na Diyos, upang sana ay maipakitang si Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, at

nabubuhay Siya upang magligtas hanggang sa kadulu-duluhan, at upang magpagaling hanggang sa pinakaabang taong, may karamdaman.

72 Oh, nakapang-hihilakbot noong umagang 'yun, na pumailanlang ang kadiliman sa halamanan! Nakikinita ko ang ulap ng damit-sakong maitim. Nakikinita ko na hindi gumagalaw ang bawat dahon. Walang umiihip na hangin. Madilim at nakapang-hihilakbot, dahil nabahiran ng kasalanan.

73 Doo'y nanaog si Jehovah na tulad sa isang dagundong ng kulog, naglalakad sa halamanan, sumisigaw, "Adan, saan ka naroon?" Doon napagkilala ni Adan na siya ay hubad at nagkasala sa harapan ng Diyos. Itinago niya ang kanyang sarili at sinikap na igawa ang kanyang sarili ng isang relihiyon, pero hindi 'yun umubra. Pumatay ang Diyos ng tupa, kinuha ang mga balat, at ipinakitang may kailangang mamatay upang tumakip sa kasalanan.

74 Hindi matatakpan kailanman ng pakikianib sa iglesya ang kasalanan. Walang pangungumpisal na halos matuyuan na ng luha ang inyong mga mata ang makapagtatakip kailanman ng kasalanan. Kinakailangan ng pamimighati at pagsisisi, at ang biyaya ng Diyos, para tumakip sa kasalanan; para ang Dugo ni Jesus Cristo, Yaong pinatay ng Diyos sa Kalbaryo, ay tumakip sa kasalanan.

75 Doon sa halamanan noong umagang 'yun, noong napakaitim ng kasalanan, dumating si Jehovah. Naroong nakatayo ang Kanyang dalawang tao, nahatulan. Wala sanang magiging sangkatauhan, kinakailangan nilang mamatay; kamatayan sa sangkatauhan, ibibigay na muli ang mundo sa mababangis na hayop at wala na sanang sangkatauhan. Subalit sa pinakamadilim na oras, sa oras na 'yun na wala nang kapaga-pagasa, bumuhos ang biyaya, sabi, "Bibigyan Ko kayo ng isang Tagapagligtas, isang Mesiyas." Oh, kamangha-mangha nga kung paanong magagawa 'yun kailanman ng Diyos! Ang kamangha-manghang biyaya ng Diyos sa halamanan ng Eden, na nagbigay sa kanila ng pangako ng Isang Matuwid Na lalabas mula sa babae. "Ang Binhi ng babae ang dudurog sa ulo ng serpiyente," ang may sala, "at ang kanyang ulo'y dudurog sa kanyang sakong," upang ipakitang magkakaroon ng pagdurusa sa Iglesya. Subalit nangako Siya ng isang pagtatagumpay! Nakamamanghang paglalaan ng isang Tagapagligtas? Grabeng biyaya!

76 Ano ang maaari nilang ipakita upang maging karapat-dapat sa naturang biyaya? Anong maipapakita nila upang maisagawa iyon? May isang kasabihan ng mga sundalo, ipagpaumanhin n'yo po, gusto ko lamang sabihin ito mula rito sa pulpito ko para magbigay ng punto, "pasahan ng sisi." Sabi ni Adan, "Ang

babaing ibinigay Mo sa akin ang may gawa nito.” Sabi naman ng babae, “Dinaya ako ng serpiyente.” Ipinasa ang sisi nung isa sa iba pa. Wala nang pag-asa para sa kanila.

77 Subalit naglaan ang Diyos ng biyaya, at nagtagumpay ito! At sabi Niya, “Ngunit gagawa Ako ng daan, sa anumang paraan. Ililigtas Ko kayo, sa kabila ng lahat. Gumawa kayo ng kamalian, nilabag ninyo ang Aking mga kautusan. At kinakailangang maipairal ang mga kautusan Ko, subalit ang kahatulan sa Aking mga kautusan ay kinakailangang maipatupad. Kung kaya’t kinakailangang magkaroon ng kamatayan, dahil sinabi Ko’y ‘kamatayan.’”

78 Ngayon, mga kaibigan kong Cristiano. At sa mga aabutin ng nirerekord na teyp na ito na ipapamahagi sa buong mundo. Hayaan n’yong tanungin ko kayo ng isang bagay, kayong pinagpipilitan na gawing tatlong Diyos ang Diyos, o kayong nagpupumilit na gawin Siyang isa, na gaya sa daliri n’yo. Siya’y isa sa persona!

79 Hindi magiging makatuwiran para sa Diyos na ibunsod ang isang Anghel na mamatay. Hindi Siya magiging huwarang uri ng Hukom na haya’t ibubunsod ang isang Anghel na mamatay para sa isang tao. Hindi nung malulunasan ’yun, dahil hinihingi ng Kanyang dakilang kautusan ang kamatayan, at mayroong kinakailangang mamatay, at hindi maaaring mamatay ang isang Anghel. Hindi rin Niya maaaring sabihin, “Eba, dahil sa naging sanhi ka upang gawin ni Adan ang ganito, gagawin Kong mamatay ka, hahayaang mabuhay naman si Adan,” dahil nakibahagi rin naman dun si Adan.

80 Tulad nung sinasabi-sabi ng isang tao, “Si Pilato ay napawalang-sala, naghugas kasi siya ng kanyang mga kamay.” Hindi mo mahuhugasan ang Dugo ni Jesus Cristo sa iyong mga kamay. Hindi kayo kailanman aalis sa gusaling ito ngayong umaga at mapupunta sa Langit, kung mamamatay kayo sa inyong mga kasalanan. Nasa inyong mga kamay ito. Kaya, hindi ’yun ganoon.

81 May isa lamang matuwid na paraan. May isa lamang na maaaring paraan, sa dakilang kautusan ng Diyos, na maaaring matugunan ang mga hinihingi. Kinailangan Niyang matugunan ito sa Sarili Niya Mismo. Kinailangan Niyang gawin iyon. Ang Diyos ay Espiritu at hindi Siya maaaring mamatay. Kaya kinailangang maging tao ang Diyos, at namatay Siya sa katawang-tao, sa anyo ng isang taong tinawag na “Jesus Cristo,” At iyon ang pangakong Mesiyas na naghatid ng biyaya. Doon kung saan makikita ninyong ang Diyos at si Cristo ay iisang Persona, ang Diyos ay nananahan kay Cristo. “Ako at ang Aking Ama ay Iisa, ang Aking Ama ay nananahan sa Akin; hindi Ako ang nagsasabi sa Salita, kundi ang Aking Ama na nananahan sa Akin.” Ang Diyos ay nakay Cristo! Tunay nga.

82 Ipinangako ang biyaya sa halamanan ng Eden, at dumating nga ang biyaya, biyaya kina Adan at Eba. Wala silang mapupuntahan, walang mababalingang daan at gayunman gumawa ng daan ang biyaya!

83 Hayaan n'yong sabihin ko ito, kaibigan kong makasalanan. Maaaring naririto ka ngayong umaga na isang bayarang babae, maaaring naririto ka ngayong umaga na babaero, maaaring naririto ka na isang lasenggo o isang sugarol, o isang mamamatay-tao. Maaaring naririto ka bilang isang hindi matapat na asawang lalaki, isang hindi matapat na asawang babae. Maaaring ikaw na ang pinakamasama sa mga makasalanan. Sinasabi mo, "Napalampas ko na ang tsansa sa kaligtasan." Hindi, hindi ka pa, o kung napalampas mo ay wala ka sana rito sa simbahan ngayong umaga. Gagawa ang biyaya ng daan para sa iyo sa madilim na oras na ito kung tatanggapin mo lamang ito. Kinailangang may pagnanais si Adan na tanggapin 'yun, ganoon din kayo. Tanggapin n'yo ito.

84 Dumating ang biyaya ng Diyos sa panahon ni Noe. Si Noe, haya't isa lamang pangkaraniwang tao, siya at ang kanyang sambahayan. Pero dahil sa may takot si Noe sa Diyos, sinampalatayanan Niya ang Diyos! Hindi ka maaaring may takot sa Diyos nang hindi ka sumasampalataya. Paanong may takot ka sa isang bagay na hindi mo pinaniniwalaan? Kinakailangan na may takot ka sa Diyos. Sabi ni Solomon, "Ang takot sa Diyos ay pasimula ng karunungan." Ngayon, sa takot na 'yun sa Diyos, nagpapasimula ka nang magkaroon ng karunungan. At ang takot sa Diyos, may takot si Noe sa Panginoon at sinampalatayanan niya ang Panginoon. At 'yun ang kinikilala ng Diyos, ang inyong pananampalataya sa Kanya. Siyanga. Nang magkagayon noong dumating kay Noe ang takot niya sa Diyos, tinawag siya ng Diyos sa pamamagitan ng biyaya, at iniligtas siya at ang kanyang sambahayan dahil biyaya ang may gawa nun. Hindi dahil si Noe ay isang napakalaki't mas makisig na lalaki kaysa sa iba pa sa kanilang lahat, hindi dahil sa dumadalo si Noe sa pinakamainam na simbahan na mayroon sa bansa, hindi dahil sa kabilang siya sa pinakamainam na organisasyon, hindi dahil sa kaya niyang magdamit nang mas magara, hindi dahil sa mas marami siyang salapi, hindi dahil sa kung sino siyang espesyal na tao. Kundi dahil sa biyaya ng Diyos, iniligtas ng Diyos si Noe. Iniligtas ng biyaya si Noe (hindi ng kanyang mga gawa; kundi ng biyaya ng Diyos) at iniligtas din ang kanyang pamilya.

85 Babanggitin natin ang isa pang tauhan kung saan iniabot ang biyaya ng Diyos, marami sila, pag-uusapan natin ang ilan sa kanila. Si Abraham. Si Abraham, hindi espesyal na tao, nagmula sa tore ng Babel, marahil ay galing sa isang grupo ng mga sumasamba sa diyus-diyosan (ang kanyang ama), naparoon sa lupain ng Shinar sa dako roon, upang manirahan sa bayan

ng Ur. At habang naroroon siya, nakipag-usap ang Diyos sa kanya sa pamamagitan ng biyaya. Hindi dahil sa kakaiba siya, hindi dahil sa mas mabuti siyang tao; kundi, sa pamamagitan ng biyaya, tinawag siya ng Diyos. Malinaw na ipinabatid 'yun ng Biblia. Oh, si Abraham, ganoon na lamang na sinubok ni Abraham ang pagpapasensya ng Diyos! Sinabi sa kanya, sabi, "Abraham, manatili ka sa lupaing ito, huwag na huwag kang lalabas dito." Pero pagsapit na pagsapit ng isang taggutom, tumakas si Abraham.

86 Para tayong si Abraham. Kinuha ng Diyos—kinuha ng Diyos si Abraham sa pamamagitan ng biyaya, at iniligtas siya. At ganoon Niya kayo kinukuha, sa pamamagitan ng biyaya. At gaano nga nating sinusubok ang pagpapasensya ng Diyos? Ngayon, masaya tayo, bukas lupaypay tayo. Isang araw nananampalataya tayo, sa susunod na araw nagdadalawang-isip tayo. Ngayon isa tayong Methodist, bukas naman isa tayong Baptist. Ngayon naniniwala tayo sa Makalangit na kagalingan, bukas darating ang sakit ng tiyan at hindi na natin alam kung nananampalataya ba tayo rito o hindi. Ngunit gayunman sa gitna ng lahat ng 'yun, ibig ng Diyos na manatili tayo. Mangyari nga inililigtas pa rin Niya tayo, kahit ganoon. Kung hindi dahil sa biyaya ng Diyos, wala na tayong lahat. Tunay. Inililigtas tayo ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang biyaya.

87 Dapat sana'y nanatili si Abraham sa lupaing 'yun, pero nagpunta siya roon sa mga Caldeo, o, hindi mga Caldeo, kundi sa mga Filisteo. Nagpunta roon upang pansamantalang manirahan, upang matakasan ang taggutom. Medyo mahirap ang mga bagay-bagay doon sa bansa niya, kaya nagpunta siya sa dako roon upang maglakbay roon na makasalamuha sila. Ginawa niya mismo kung ano ang sinabi ng Diyos sa kanya na huwag gagawin, ngunit ganoon pa man nagpakita pa rin ang Diyos ng biyaya para sa kanya, pinigilan ang Faraon sa pagku-. . . o ang—o ang hari na kunin ang kanyang asawa. Biyaya ng Diyos. Noong sinabi ni Abraham, "Ito'y kapatid kong babae," nagsinungaling siya tungkol dun, subalit ganoon pa man hinawakan siya ng biyaya ng Diyos dahil nagsisi siya. Nakahanda siyang magsisi.

88 At sinumang nakahandang magsisi, paroroon pa rin ang biyaya ng Diyos para sa inyo. Hinahanap kayo ng biyaya ng Diyos. Kaya, para sa inyo na mga tumalikod sa pananampalataya ngayong umaga, hinahanap pa rin kayo ng biyaya ng Diyos. Kung magsisisi lamang kayo, sapat ang biyaya ng Diyos.

89 Kung paanong kinuha Niya ang butihing matandang Abraham, dinala siya pabalik! At tandaan n'yo, hindi naligtas si Abraham sa pamamagitan ng mga gawa niya, naligtas siya sa pamamagitan ng biyaya. Naligtas si Abraham sa pamamagitan ng pananampalataya, na siyang biyaya. At iniligtas ng Diyos si Abraham dahil sa Kanyang biyaya, hindi dahil sa asal niya.

Iniligtas siya ng Diyos dahil sa biyaya ng Diyos. Oh, napakabuti! Naligtas siya sa pamamagitan ng biyaya.

90 Kunin nating halimbawa ang Israel. May naisulat akong isang Kasulatan dito. Isinusulat ko ito at siguro'y babanggitin ko na lamang ito mula sa isipan ko. Kung gusto ninyo itong isulat, mainam pong tandaan ito kung gusto n'yo, Deuteronomio 7:7. Nagbigay ang Diyos ng Kanyang pangako kay Abraham, o hindi po pala kay Abraham, ipagpaumanhin n'yo ako, nagbigay sa Israel. At sinabi sa kanila, "Kung hindi kayo makikisama sa pagsamba sa diyus-diyosan! Kung hindi n'yo gagawin ang ganitong mga bagay! Kung lalayo kayo sa lahat ng mga seremonyang ito ng mga pagano! Kung gagawin n'yo ang lahat ng mga bagay na ito, dadalhin Ko kayo sa isang saganang lupain, kakalingain Ko kayo, pakakanin Ko kayo, papatnubayan Ko kayo. Gagawin Ko ang mga bagay na ito kung gagawin n'yo ang ganito-at-ganoon, kung iibigin n'yo Ako, kung tutuparin n'yo ang Aking mga Utos, ang Aking mga utos, ang Aking mga ordinansa. Gagawin Ko ang lahat ng mga bagay na ito kung gagawin lamang ninyo ang isang bagay, at tuparin ang Aking mga Utos at iibigin Ako."

91 Para bang sa pagkuha ng isang asawang lalaki ng isang mapapangasawang babae, at sinasabi, "Kung magiging mabuti kang babae, kung aasikasuhin mo ang bahay, kung magiging tapat ka sa akin, kung pananatilihin mong malinis ang mga damit ko; kung magkaroon tayo ng mga anak, kung magiging isang nanay ka sa kanila; kung gagawin mo ang mga bagay na ito, magtratrabaho ako hanggang sa magdugo ang mga kamay ko, para sa ikabubuhay mo, kung gagawin mo ito." Pero pagkatapos, isipin n'yo, paano kung nalihis ang babae, namuhay nang tamad, ayaw magtrabaho, ayaw gumawa ng kahit ano? Kung magkagayon kinakailangan na ng biyaya upang mapanatiling sama-sama ang pamilya.

92 Oh Diyos! Kinailangan ng biyaya ni Jehovah upang mapanatiling sama-sama ang Kanyang sambahayan. At iyon ang tanging paraan na tayo'y sambahayan pa rin ni Jehovah ngayon, dahil sa biyaya ni Jesus Cristo; wala na sana tayong lahat. Subalit ito'y biyaya, oh, biyaya!

93 Ngayon, dahil hindi nila ito tinupad. Mangyari na sila, hindi kailanman nakarating sa ganap na pangako; hindi nga ang salinlahing 'yun. Hindi nga, haya't yaong pinangakuan ng pangakong 'yun, ay namatay sa ilang. Pero pinakain sila ng Diyos, pinangalagaan sila ng Diyos, inibig sila ng Diyos, nasa palibot Siya na kumikilos. Bakit? Ibinunsod 'yun ng biyaya Niya, ng Kanyang biyaya dahil sa Kanyang pangako, ang pangako Niya noon, ang biyaya na kalakip ng Kanyang pangako. Subalit hindi sila kailanman nakarating sa ganap na halaga ng lupang pangako.

94 At gayundin na hindi makararating ang iglesyang ito sa ganap nitong halaga. Hawak tayo ng biyaya ng Diyos. Subalit ibig Niyang kumuha ng isang iglesyang susunod sa Kanya, mga tao na tatanggap sa Kanyang Salita at sasabihing "Ito'y ang Katotohanan," anuman ang inyong organisasyon. Ang ibig Niya'y mga taong hindi sasabihin, "Buweno, kasing buti lamang kita. Presbyterian ako, Methodist ako, Katoliko ako, kasing buti rin naman kita." Hindi ganoon ang biyaya; ipinapakita nun na may bagay na mali.

95 Subalit ang isang tao, ano't anuman, na babasa sa Salita ng Diyos at makikitang kinakailangan n'yong maipanganak na muli at mapuspos ng Espiritu Santo, sasampalatayanan nila 'yun, tatanggapin nila 'yun sa Salita. Tatanggapin nila ang Salita nang eksakto sa sinasabi Nito.

96 Gaya sa mga bautismo at pagwiwisik; tama ang bautismo. Walang kahit sino sa Biblia na winisikan kailanman, walang ganoong bagay sa Kasulatan. Ni mayroon mang nabautismuhan sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo," sa Biblia. Sila nga'y, bawat isa, nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Kaya wala ni isa, ni katiting man sa kasaysayan na... Kung maipapakita ninuman saanman, saanman sa kasaysayan, kung saan may sinuman na nabautismuhan kailanman sa Biblia, o tatlong daang taon pagkatapos mamatay *ng* huling alagad, hanggang sa dumating ang iglesyang Katoliko, kung maipapakita ng sinuman saanman na may sinumang winisikan o binautismuhan sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo," hanggang sa dumating ang iglesyang Katoliko, may obligasyon kayo na pumunta't sabihin sa akin. Wala ito roon. Pero ano ang ginawa natin?

97 Natalakay na natin *Ang Mga Kapanahunan ng Iglesya* at nakita natin kung saan kinailangan nilang gawin 'yun. Kaya, nakita n'yo, ibig ng Diyos ng isang tao na susunod sa Kanya. Kung wala ito sa mga Kasulatan, kung ganoon hindi ito isang taong...ito'y gawang-taong doktrina at hindi Doktrina ng Biblia. Kita n'yo? Kaya kahit ano pa man ang iglesya, gaano man ang naging pagkakamali mo, anong kaibhan ang magagawa nun? Ito'y kung gaano ka magiging tama ngayon! Ipinakita na ng biyaya ng Diyos ito sa inyo, kung ganoon lumakad kayo rito. Ang biyaya ng Diyos!

98 Alalahanin n'yo si Moises, din, ang dakilang tagapangunang 'yun. Pinatay na sana siya ng Diyos noong nagpunta siya sa dako roon upang akuin ang luwalhati para sa kanyang sarili dahil sa paghampas niya sa Bato, at nagsabi, "Nakikita n'yo ba ang kaya kong gawin?" sa madaling salita. "Kayong mga mapaghimagsik, ikukuha ba namin kayo ng tubig mula sa malaking Batong ito?" At hinampas niya Ito at hindi lumabas ang tubig; hinampas niya Itong muli. Anong ginawa niya? Nagpatotoo siya sa pagpapahirap kay—kay Cristo, dahil si Cristo

ang Batong 'yun. Iyon ang Pangunahing Bato. Sa halip na hinampas ito, o magsalita rito . . .

99 Hinampas ito nang minsan. Alalahanin n'yo, sinabi ng Diyos kay Moises sa Exodo, "Yumaon ka at tatayo Ako sa harap—harap mo, sa ibabaw ng Bato, at hampasin mo ang Bato." At hinampas niya ang Bato at naglabas Ito ng tubig. Sabi ng Diyos, "Sa susunod, pumunta ka't magsalita ka sa Bato at maglalabas na Ito ng tubig."

100 Subalit gustong ipakita ni Moises na may kaunti siyang awtoridad, kaunting kapangyarihan, kaya sabi niya, "Maglalabas ako sa inyo ng tubig mula sa Batong ito." Pinatay na sana siya ng Diyos, dahil doon. Inihiwalay na sana siya ng Diyos, yamang binali niya ang kautusan ng Diyos doon mismo, dahil ipinakita niya ang pagpapahirap kay Cristo, kinailangan Niyang mahampas nang makalawa. Minsan lamang hinampas si Cristo. Ngayon magsalita tayo sa Bato, at maglalabas Ito ng tubig Nito.

101 Subalit ano ito? Tingnan natin 'yung matandang lalaki, siya'y sandaan at dalawampung taong gulang na.

102 May isang nagsabi sa akin kamakailan lang, sabi, "Ang Diyos ay hindi makatarungang Diyos," sabi, "dahil binigo Niya si Moises. Matapos niyang magpakahirap kasama nila na mga Hebreo sa loob ng apatnapung taon doon sa ilang, binigo Niya siya at tapos ni ayaw siyang papasukin sa lupang pangako."

103 Sabi ko, "Oh, hindi ganun 'yun!" Hindi, hindi Niya binigo si Moises. Nakapunta mismo siya sa lupang pangako. Mga pitong daang taon pagkatapos nun, nakita siya roon sa itaas ng Bundok ng Pagbabagong-Anyo, na buhay na buhay, nakatayo, nakikipag-usap kay Jesus bago nagtungo si Jesus sa Kalbaryo, siya at si Elias, magkasamang nakatayo, nakikipag-usap, din. Nagpakita sina Moises at Elias kina Jesus, Pedro, Santiago at Juan, sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo. Hindi siya patay. Buhay siya. Hindi siya binigo ng Diyos. Nasa Palestina siya.

104 Ngayon tingnan n'yo, bago siya namatay, umakyat siya sa Bundok ng Nebo, nang umagang 'yun noong alam niyang yayaon na siya. Hinubaran na niya si Aaron, pinasuot ang mga damit nito sa iba. Kinuha ang sarili niyang balabal, inilagay ito kay Josue, inutusan siyang manatili sa mga tuntunin na 'yun! At noong umakyat siya sa ibabaw ng Bundok ng Nebo, dumaan sa mga libis ng mga kapatagan, alam niya na aakyat siya roon para mamatay, at umakyat sa Bundok ng Nebo, at hanggang sa Pisga. At habang nakatayo siya roon sa itaas, sabi ng Diyos, "Tumunghay ka sa lupain. Ibig Kong makita mo ito. Moises, nakapunta ka sana roon. Subalit alam mo kung anong ginawa mo roon sa may Bato noong araw na 'yun? Niluwalhati mo ang iyong sarili." Sa palagay ko 'yun ang magiging malaking suliranin ng marami sa atin ngayon. "Pumunta ka roon sa may

Bato, at niluwalhati mo ang iyong sarili." Subalit pansinin n'yo noong naghanda na siya para mamatay, naroroong nakatayo ang Bato. Marahil humakbang lamang siya sa Bato roon sa Pisga, at inilibing siya ng Diyos. Pero marahil ay bumangon siyang muli, sa kung saang dako, dahil buhay siya. Isa siyang tipo ni Cristo. Hayun siya, nakatayo sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo, pagkaraan ng daan-daang taon, doon sa Palestina. Kita n'yo, inilaan ng biyaya ng Diyos 'yung Bato. Oh, grabe!

105 Kapag iniisip ko si Abraham, ang lahat ng mga pagkakamaling nagawa niya, at si Moises at ang pagkakamali niya, pero hayan nga't noong isinulat ang komentaryo ukol kay Abraham, noong isinulat ang Banal na komentaryo, noong isinulat ni Pablo ang komentaryo ukol kay Abraham, hindi niya kailanman binanggit ang isa man tungkol sa kawalan ng pananampalataya ni Abraham. Hindi, hindi, ni hindi kailanman ibinilang sa kanya. Sabi niya, "Hindi nag-alinlangan si Abraham sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng kawalan ng pananampalataya, kundi lumakas, pinupuri ang Diyos."

106 Ang mapagpakumbaba ko pong panalangin ay, sa harap ng biyaya ng Diyos na naririto ngayong umaga, umaasa akong ang akin ay maisulat nang ganoon din, na hindi Niya makita ang mga pagkakamali ko. Na kapag isinulat na ang komentaryo ukol sa akin, ang obituwaryo ko, ay hindi rito mababasa na nakagawa ako ng mga pagkakamali at gumawa ng hindi wasto, bagkus ang makikita lamang Niya ay ang mga bagay na sinikap kong gawin para sa Kanya. Nawa 'yun ay maging. . .Ano ang may gawa nun? Kukunin Niya ang biyaya ng Diyos na aking sinasampalatayanan. At doon lamang ako nagtitiwala. Dahil sa sarili kong mga kakayahan ay hindi ako mapapasok kung papaanong ganun din ang iba pa, pero sa biyaya ng Diyos haya't ako'y sumasandig. Oo, biyaya ang sinasandigan ko.

107 May isang Bato roon noong naghanda na si Moises upang mamatay.

108 Anong masasabi natin tungkol kay David? Biyaya rin ng Diyos! Ang dakilang mandirigmang 'yun na ang Diyos Mismo. . .Sabi Niya, "Siya'y isang lalaking kinalulugdan ng Aking puso." Ang dakilang mandirigmang 'yun, si David, paano niyang nagawa ang ganoong bagay na gaya ng ginawa niya, para ipahamak si Uria, na kawal niya, samantalang mayroon din naman siyang iba pang mga Gentil roon na mga sundalo? Pakinggan n'yong maigi ang maiksing kuwentong ito pansumandali lang. Noong naroon sa labas ang kanilang mga sundalo, at si Uria ang siyang nanatili sa tabi ni David. Si Uria ay isang akay, isa siyang Heteo, isang naakay sa relihiyon ng mga Judio. At labis na minamahal ng mga kalalakihan dun si David! Nakita nilang nasa kanya ang pahid, bagamat isa siyang— isa siyang itinakwil. Pinalayas siya sa sarili niyang bansa, na kinailangang mamuhay na kasama ng mga Filisteo. Tinutugis

siya ni Saul. Pero ganoon pa man ang mga kalalakihang 'yun, nakita nila ang pahid na nasa kanya! Alam nilang paparating na siya sa kapangyarihan. Luwalhatiin ang Diyos!

109 Lubos kong ikinagagalak na isa akong itinakwil ngayon, dahil nakikita kong si Cristo ay darating na upang maging Hari. Marahil iboto n'yo na ang lahat ng mga Kennedy at kung sinu-sino pang ibig n'yo. Subalit si Cristo ay magiging Hari! Sumasa Kanya ang pahid, sa Kanyang Mensahe ng Kanyang Pagparito. At Siya'y magiging Hari!

110 Anong ginawa nila? Isang araw nakatayo siya roon na nauuhaw para sa isang inuming tubig na mula sa pintuang-bayan roon sa Bethlehem, kung saan dati siyang nagpapastol ng mga tupa. At alam n'yo kung ano? Dalawa sa mga lalaki dun ang humugot ng tabak at humawi sa labinlimang milya ng panay katawan ng tao, para maikuha lamang siya ng santimbang tubig doon. Dahil, hayan nga, pinaka munti man niyang naisin ay isang utos na para sa kanila. Isipin n'yo 'yun! At humawi sila sa mga kalabang naroon, hanggang makarating sa ibabaw ng bundok dun kung saan sinasabi nilang nakatayo siya, nasa mga labinlimang milya 'yun. Pumasok sila roon. Ang bawat lalaki roon ay haharang, makikipaglaban sa kanya hanggang sa mapatay nila siya. Pero patuloy sila! At dinala 'yung timba at kumuha ng santimbang tubig, doon mismo sa hanay ng kalaban, dalawang lalaki, upang ikuha ang kanilang hari, ang kanilang kapatid, ng maiinom na tubig. Samantalang, mayroon naman siyang tubig doon na maiinom, pero ang kahilingan niya'y ang tubig na *'yun* doon.

111 Oh Diyos, ipahintulot Mo na panghawakan ko ang Tabak ng Salita at tagpasin ang bawat organisasyon, upang dalhin ang bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, at ang Kapangyarihan ng muling pagkabuhay at ng Espiritu Santo, pabalik sa mga tao, kahit ano pa ang. . . dahil parating na Siya sa kapangyarihan. Parating na Siya sa kapangyarihan, Siya lamang ang tatayo. Subalit hinawi na Nito ang bawat organisasyon, hinawi ang bawat teorya, bawat gawang-taong kredo, hanggang sa makapag-akay ka pabalik sa Tagapagligtas ng tupang naligaw, isang tao, maibalik muli ang mga Doktrina ng Biblia, na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang biyaya ng Diyos!

112 Tingnan n'yo si David. Papaano niya nagawang. . . Tumalon ang isa sa isang hukay at pinatay ang isang leon. Papaano nagawang agawin ni David ang asawa ni Uria, ang magandang si Batseba, samantalang mayroon na siyang limang daan na sariling kanya? Mangyari nga nakita niya ang babaing ito na naliligo. At hayun ang kapabayaan. Ngayon, nakalimutan niyang ibaba ang mga tabing noong naliligo siya, at yamang nalalaman niya na naroon lang ang hari, sa malapit, araw-araw, doon sa kabila ng pader.

113 Iyon ang problema. Sa palagay ko hindi na dahil sa pabaya ang mga kababaihan sa panahong ito o parang ganoon, buweno, sinasadya nilang lumabas na lantad na mismo, siyanga, sa mga lansangan, na suot ang maiikling damit. Nakakahiya! At tapos nagtataka kung bakit sumisitsit at sumisipol ang mga kalalakihan. Aba'y, sinasadya 'yun ng kababaihan para ang mga kalalakihan ay sumipol at mag-asal nang ganoon. Alam nila 'yun, may sapat silang pang-unawa para malaman 'yun. Ginagawa nila 'yun dahil mismo sa gusto nila. Nasa puso nila 'yun. Sabihan mo sila na imoral sila, maaari pa ngang makipagtalo sila tungkol dun. Mangyari nga na hindi sila imoral, maaaring kasing dalisay sila ng isang liryo, pagdating sa seksuwal na bagay. Pero, tandaan n'yo, may isang espiritu na nasa kanila, ang pahid na 'yun ng diyablo, na dinadala ang kaluluwa ng mga kalalakihan sa impyerno. Tandaan, sabi ng Biblia, "Sinuman ang tumingin sa isang babae, na may pagnanasa sa kanya, ay nagkakasala na ng pangangalunya kasama ang babae sa kanyang puso." At tandaan mo, kapatid na babae, mananagot ka dahil sa pangangalunya bagamat hindi mo kailanman ginawa talaga ang gawa na 'yun sa buong buhay mo, pero ang makasalanang 'yun na tumingin sa iyo dahil sa pananamit mo, ay magkakasala ng pangangalunya. Mananagot ka sa Araw ng Paghatol, ng pangangalunya. Kapag idadawit nung lalaki . . .

114 Sasabihin Niya rito, isinulat Niya sa Kanyang Aklat, "Pagkakasala ng pangangalunya."

"Sino ang kasama?"

"Gng. John Doe."

"Kung ganoon, Gng. John Doe, anong masasabi mo?"

115 "Sumusumpa akong ako'y . . . Alam Mo ang rekord ko, hindi ako kailanman nakipamuhay kasama ng ibang lalaki maliban sa sarili kong asawa."

116 "Subalit nanamit ka hanggang sa nagdulot ka sa lalaking ito para magkasala ng pangangalunya. At may sala ka ng pangangalunya kasama ang lalaking ito. Yan ang dahilan at nagawa niya. Ikaw ang dapat na sisihin, ikaw ang naglantad sa sarili mo."

117 Nakagawa ng pagkakamali si Batseba na gaya ni Eba na nakagawa rin ng pagkakamali, at mangyari nga na kasama roon si Adan. Sa palagay ko palagi tayong sumisigaw tungkol sa kababaihan, na lang. Kayong mga anak na lalaki ng Diyos, mga kalalakihan. Alam kong kayo ang pinakamalakas na pangkat, siyanga, ang mas malakas na kasarian. Higit kayo sa kababaihan, totoo 'yun, kaya kumilos kayo nang ganoon. Huwag n'yo silang pangibababawang lubha, na tatangkaing idawit ang isang munting dalagita at sisirain ang buhay niya. Kundi maging isang anak na lalaki ng Diyos, sabihan n'yo siyang

nasa pagkakamali siya, at tumayong gaya ng isang anak na lalaki ng Diyos. Siya'y kapatid n'yong babae. Siyanga, po. Ang sinusubukan nating gawin, sila na mga tinaguriang anak na lalaki ng Diyos ngayon, na nabibilang sa mga iglesya, ay idinadawit ang bawat munting babaing maidadawit nila. Alalahanin n'yo, kaya may babaing imoral ay dahil may isang kasal nang lalaki na sinira ang buhay niya, hayan nga. Mangyari nga, na hindi matatawag ng palayok na itim ang kaldero, haya't ipinapaalala ko lang. Kasalanan ang may bunsod nitong lahat. At saklaw tayong lahat ng kamatayan, at dapat na mamatay tayo dahil dito.

118 Noong ginawa ni David ang masamang bagay na 'yun, pinatay na dapat siya ng sarili niyang desisyon. Noong nagpunta ang propeta roon, inakala niyang maililihim niya 'yun. Noong nagpunta ang propeta roon at tumayo sa harap niya, sabi nito, "David, ayos lang po ba ang lahat?"

Sabi, "Mabuti naman ang lahat."

119 Si David, sa kanyang marangyang kasuotan at kanyang korona, mangyaring pinapunta niya si Joab sa dako roon, ang bantog na heneral niya, at doon sa lugar kung saan matindi ang bakbakan. Napipigilan niya ang lahat ng mga kalaban niya na makapasok sa hangganan ng bayan at mga gayong bagay, kaya talagang maayos ang buong situwasyon. Nagkaanak siya kay Batseba. At pinapunta niya ang kaawa-awang munting Uria doon sa pinaka-labanan, at pinatayo muna si Joab sa kanyang tabi, tapos iniwan na nito ang naturang kawal. At—at—at namatay ang lalaki noong paglubog ng araw, na hawak ang sundang ng pakikibaka sa kanyang kamay, may dugo pa sa kanyang kalasag, kung saan siya nakipaglaban para sa Israel, bagamat isang akay lamang sa kanilang relihiyon. Pagkatapos noong bumalik na si Joab at iniulat sa kanya na—na patay na si David. . .na—na patay na si Uria, akala ni David, "Maayos nang lahat ngayon. Nasa akin na ang asawa niya, at ang lahat ay magiging maayos na. Nagkaanak pa." Subalit nagkasakit 'yung sanggol. Nagsimulang maghingalo 'yung sanggol. At ginawa niyang lahat ang magagawa niya upang maisalba ang buhay ng bata, marahil bawat doktor ay nagpunta na. Pero hindi sapat. Sa huli'y, namatay ang sanggol. Takot silang sabihin kay David na patay na ang sanggol. At namatay nga ang sanggol. Pagkatapos inakala niyang ang lahat ng bagay ay maililihim. Kaya inaliw niya si Batseba. Kinuha na niya si Batseba bilang kanyang asawa, kahit marami na siyang ibang asawang babae.

120 Pumasok ang matandang propetang ito, ang matandang lalaking kalbo, si matandang Natan, na galing pa sa ilang, naupo, sabi, "David, kumusta ang lahat?"

121 Sabi, "Mabuti! Mabuti! Kalugod-lugod na propeta ng Diyos, mabuhay ka magpakailanman! Hallelujah!" Oh, sadyang

siya'y. . .Inisip niyang maayos ang lahat, inakala niyang kaya niya itong itago.

122 Subalit hindi kayo makapagtatago sa Diyos! Alam Niya ang iniisip n'yo ngayon mismo. Alam Niya ang mga pag-iisip n'yo, sapagkat Siya'y Diyos. Ang Espiritu Santong 'yan na nasa gusali ngayong umaga, ay alam mismo ang inyong pag-iisip, kung sino kayo, kung taga-saan kayo, kung anong ginawa n'yo, dahil si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

123 Ipinahayag 'yun ng Diyos sa propeta. Sabi niya, "David, may isang lalaking mayaman na nakatira sa gilid na *ito* ng daan, napakarami niyang tupa, oh, napakayaman niya. Ang isa namang lalaking nakatira sa gilid na *ito* ng daan, ay mahirap, at may isa siyang kordero. Itinuring niya ang kordero na parang isang anak na babae. Pinakakain niya ito mula sa parehong kutsarang ginagamit niya sa pagkain niya. Katabi niyang natutulog ang kordero. Ang lahat ng bagay ay sadyang. . .Para na itong anak na babae para sa kanya. At dumating ang isang panauhin isang araw, pero, sa halip na kumuha ang mayamang lalaki ng isa sa sarili niyang mga tupa at magdaos ng handaan para sa panauhin, buweno, sa halip na ganoon, pumunta siya't kinuha ang kordero ng lalaking mahirap, at puwersahan, na kinuha ang kordero at pinatay 'yun, at nagdaos ng handaan."

124 Ngayon, iyon ang mga pagnanasa ni David. Mayroon na siyang limang daang asawa, subalit noong makita niya ang asawa ni Uria, sa halip na kunin ang isa sa kanyang limang daang asawa, para maglubag o masiyahan sa kanyang mga pagnanasa, nagpunta siya, kinuha itong asawa ng ibang lalaki, pagkatapos ay pinatay si Uria noong magiging nanay na ito. Walang kamalay-malay si David, aba'y, nakahanda nang magpataw ng hatol si David. Ganoon tayo. Magagawa natin laging husgahan ang ibang tao, pero pagdating sa atin, oh, iba na 'yun.

125 Sabi ni David, "Dapat pagbayaran ito ng lalaki ng sarili niyang buhay."

126 Ang matandang propetang 'yun, sa mapanuri niyang mata. Sabi niya, "David, tunay na hindi ka mamamatay!" Masdan n'yo ang biyaya roon na kaagad-agad umiral. Nadama ng propeta ang Espiritu, naligtas ang buhay ni David. Biyaya, "Tunay na hindi ka mamamatay, subalit hindi lilisan ang tabak sa iyong sambahayan hanggang sa lubusan nitong malinis ang iyong puso. Dahil, ikaw ang mayamang lalaki na 'yun." Oh, ganoon pala 'yun, siyanga?

127 Anong nagligtas kay David, gayong siya na mismo ang humatol, "Dapat mamatay ang lalaki! Dapat pagbayaran niya nang lubusan, at pagbayaran niya 'yun ng kanyang buhay"?

128 At ang sabi ng propeta, "Tunay (dahil sa biyaya) hindi ka mamamatay. Hindi ka mamamatay, David. Iniligtas ka ng biyaya." Biyaya, kay David, ang nagligtas sa kanya. Oh, grabe!

129 Kung hindi dahil sa biyaya, nasaan na kaya tayong lahat? Tama ba? Tunay.

130 Ang pinaka makapangyarihang biyaya ay mula sa Kanya na pinaka makapangyarihan. Pinaka makapangyarihang biyaya mula sa Isang pinaka makapangyarihan. Pinaka makapangyarihan, anong maibubunsod nito? Maibubunsod ng Pinaka Makapangyarihan ang anumang nais nito. Makinig kayo rito ngayon. Ang pinaka makapangyarihang biyaya ay maipagkakaloob lamang ng Isang Pinaka Makapangyarihan. At ang Diyos ang Pinaka Makapangyarihan, kaya makapagkakaloob Siya ng pinaka makapangyarihang biyaya. Samakatwid bilang Pinaka Makapangyarihan, hindi na kailangan ng biyaya na humiling sa kahit kanino, hindi na nito kailangan. Ibinubunsod nito kung ano ang ibig nito. Hindi ba't kamangha-mangha? Hindi na nito kailangang magtanong, "Puwede ko bang gawin ang *ganito*? O, puwede ko bang gawin *ito*? Maaari ba? Dapat ba? Gagawin ko ba?" Hindi na kailangan. Siya na mismo ang nagbubunsod nito. Ang biyaya'y Pinaka Makapangyarihan, kaya naman may kakayahan Siyang iligtas ang pinakakasuklam-suklam na makasalanan, may kakayahan Siyang iligtas ang pinaka masama, may kakayahan Siyang iligtas ang pinaka marumi, may kakayahan Siyang iligtas ang pinaka imoral, may kakayahan Siyang pagalingin ang may pinaka malalang karamdaman. Hallelujah!

131 May kakayahan Siyang iligtas ang isang abang katulad ko. At ginawa nga Niya. Ano ito? Biyaya! Si William Branham, anak ng isang lasenggo. Walang kaso 'yun, iniligtas ako ng biyaya ng Diyos!

132 "Ako, anak na babae ako ng isang babae na hindi mabuti." Walang kaso 'yun, iniligtas ka ng biyaya ng Diyos. Ito'y Pinaka Makapangyarihan, hindi na kailangang magpaalam sa iba na kahit ano. Amen! Labis kong ikinagagalak ito. Hallelujah!

133 Maaaring kunin ang pinakakasuklam-suklam na makasalanan at gawin siyang kasing puti ng niyebe, hindi na kailangang magpaalam kanino man. Oh, magagawa nga Nito iyon dahil Ito'y Pinaka Makapangyarihan. Pakinggan n'yo, bilisan na natin ngayon.

134 Napatunayan Iyon sa krus, noong naroon ang pinakakasuklam-suklam na magnanakaw, haya't dapat siyang mamatay. Hindi kailanman sumagi sa isip niya ang Diyos. Hindi kailanman niya naisip Iyon. Doon sa krus noon, sa mga duguang labing 'yun, sa pagitan ng mga hinagpis ay may isang tinig, "Panginoon, mahabag Ka sa akin!"

135 At may Isa pang sumagot na tinig sa likod ng Dugo, mga luha, matinding paghihirap, haya't umiral ang biyaya at nagsabi, "Ngayon ikaw ay makakasama Ko sa Paraiso." Ginawa 'yun ng biyaya. Paano maisasalba ng magnanakaw na 'yun ang kanyang sarili? Kung papaano nga na si Adan ay di niya nagawang isalba ang kanyang sarili, kung papaano nga na si Eba'y di niya nagawang isalba ang kanyang sarili, kung papaano nga na di n'yo magagawang isalba ang inyong sarili, hindi ko nga magagawang isalba ang aking sarili, kung papaano nga na di natin mailulundag ang ating sarili patungong Milky White Way suot ang ating botang panlupa. Hindi natin magagawa. Subalit may magagawa ang biyaya ng Diyos ukol dito, at ginagawa na nito 'yun! Ang biyaya ng Diyos, ang dakilang kapangyarihan ng biyaya ng Diyos, ay dumating sa nagaagaw-buhay na magnanakaw, "Ngayon ikaw ay makakasama Ko sa Paraiso." Oh, isipin n'yo 'yun! Napakainam nun.

136 Isipin n'yo 'yun: Ang pag-ibig at ang biyaya ay magkapatid, kambal. Hindi kayo magkakaroon ng biyaya na wala kayong pag-ibig. Magkakambal sila. Ganoon nga mismo. Bago ka magkakaroon ng biyaya, kinakailangan mo munang magkaroon ng pag-ibig. Bago mo tunay na mapakitaan ng kagandahang-loob ang sinuman, talagang iniibig n'yo muna sila; tama o mali, kinakailangan n'yo silang maibig, ano't anuman, o hindi n'yo magagawa. Kita n'yo? Kaya ang pag-ibig at ang biyaya ay iisang bagay. Sadyang magkakambal sila, ganoon lamang, ang pag-ibig at ang biyaya. Sila, tayo ay . . . Hindi natin makikita ang isa nang wala 'yung isa. "Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, ibinigay Niya ang Kanyang tanging Anak," Kanyang ibinuhos ang Kanyang biyaya, at dinala ito sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Kita n'yo? Sadyang wala kang magagawa nang hindi ipinapairal ang isa sa isa pa. Biyaya, biyaya ng Diyos ang nagliligtas sa atin.

137 Ngayon napag-alaman natin, ang biyayang 'yun, doon gaya nung nagaagaw-buhay na magnanakaw, kaya naman nagbigay-inspirasyon ito sa mga makata noong makita nila ito. Ang sabi ng isang makata:

> Ang naghihingalong kawatan siya'y nasiyahan nang masaksihan
> Ang Bukal na iyan sa kanyang kapanahunan;
> Maging ako man, gaya niya na naroon sa karumihan,
> Lahat ng pagkakasala ko'y nahugasan.
>
> Buhat nang sa pamamagitan ng pananalig yaring batis nasilayan
> Na tustos ng Iyong mga galos na tuluy-tuloy ang agos,

Tumutubos Mong pag-ibig ang siya ko nang naging himig,
At mananatiling ganoon hanggang sa ako'y yumaon.

Kaya naman sa maringal, na matamis na awitin,
Kapangyarihan Mong sumasagip ay aking aawitin,
Kapag itong aking aba't bulol, na utal na dila'y
Humimlay sa libingan nang payapa.

Biyaya, kamangha-manghang biyaya! Hallelujah! May isa na sumulat:

Oh, pag-ibig ng Maykapal, dalisay at maringal!
Di kayang huluin ni kaya mang gibain!
Magpakailan-kailanpaman mananatili yaring sandigan,
Sa tuwina'y aawitin ng mga Banal at anghel.

Kung ang lahat ng mga dagat ay pupunuin ng tintang panulat,
At ang kalangitan naman ay yaong papel na paglalamnan;
Bawat tangkay sa sangkalupaan ay gawin mang panulat,
At ang bawat tao'y atasan man na pagsulat lamang ang pagtuunan;
Ang isulat yaring pagmamahal ng wala nang hihigit pang Maykapal
Ay makapagpapatuyong mainam nitong buong sangkatubigan;
Ni hindi kayang doon isulat sa balumbon ang lahat-lahat,
Kahit pa banatin iunat ang buong sansinukob sa hustong sukat.

138 Yun nga 'yun, biyaya, ang biyaya ng Diyos. Nagbunsod ang biyaya ng Diyos ng isang lilim. . .Naghatid ang Diyos ng biyaya sa ating mga buhay sa pamamagitan ng pag-ibig Niya sa atin. Pero mayroong ilang bagay na hindi magawa ng biyaya; ang biyaya ay hindi maaaring bilhin, hindi maipagbibili ang biyaya. Ito kasi'y biyaya! Ito'y sa pamamagitan Niyaong pinaka makapangyarihan. Siyanga, po. Hindi ka maaaring makipagtawaran rito sa kung anong halaga. Maaari n'yong sabihin, "Diyos, gagawin ko po ang *ganito-at-ganoon* kung gagawin Mo ang *ganito-at-ganoon*." Hindi n'yo maaaring gawin ang ganoon. Hindi 'yun gagawin ng Diyos. Hindi n'yo maaaring utusan ang Diyos sa bagay na ito. Ipinagkakaloob ito ng Diyos sa inyo sa pamamagitan ng Kanyang biyaya. Oh, oh, oh, grabe!

139 “Hindi ayon sa kalooban o pagsisikap ng tao, kundi ang Diyos na nagpapakita ng habag.” Ganoon ’yun.

140 Nagpapatirapa ang mga tao. At ilang kalalakihan ang lumapit sa akin. . . Sa tingin ko’y nakita ko ang isa sa mga kabataang lalaking ’yun dito sa gusali ngayong araw. Kapapasok lamang ng isang bata pang lalaki na Methodist, at natanggap ang Espiritu Santo mula roon sa. . . Haya’t lumapit ang mga kabataang lalaking iyon sa akin, sabi, “Ngayon, Kapatid na Branham, ngayon na naligtas na kami at nakatanggap na ng Banal na Espiritu, hahanapin na ba namin ang mga kaloob?”

Sabi ko, “Huwag n’yong gagawin ’yun. Huwag n’yong gagawin ’yun.”

141 Kusang nagbibigay ang Diyos ng Kanyang mga kaloob. Ang mga kaloob at pagtawag ay hindi mababago. Di n’yo kasi mamamalayan, kung saan-saan na kayo nagpupunta’t naghahanap ng kung ano, “Diyos, gawin Mo lamang akong isang mangangaral, gawin Mo lamang ang *ganito* sa akin,” at anong kahihinatnan mo? Isang malaking hambog, ganoon lang. Mapupunta kayo sa teolohiya ng kung sinong tao at kung anong organisasyon, at doon ka kakapit nang mahigpit at mabubulok. Hayaan mong ang Diyos ang tumawag. Tatawagin ka ng Diyos, lilinisin ka ng Diyos, ipagkakaloob sa iyo ng Diyos kung anong kakailanganin Niyang ibigay sa iyo. Siyanga, po.

142 Hindi ka maaaring makipagtawaran na ganito-ganoon para sa biyaya. Hindi, po. Ikaw, hindi ’yun maaaring ipagbili, hindi ka maaaring makipagtawaran ukol dun, ni hindi ito mabibili, hindi ito maaaring ipagpalit. Hindi mo maaaring sabihin, “Buweno, ngayon, Panginoon, makikianib ako rito sa napakalaking iglesyang Baptist, o dito sa malaking iglesyang Methodist, o dito sa malaking iglesyang Pentecostal, o itong malaking iglesyang Nazarene. Gagawin ko ang *ganito* kung gagawin Mo naman ang *ganito* sa akin.” Hindi kayo maaaring makipagtawaran ukol dito sa kung anong halaga. Hindi, po.

143 “Ang lahat ng ibinigay ng Ama sa Akin ay lalapit sa Akin. Walang taong makalalapit maliban na tawagin muna siya ng Aking Ama.”

144 Magiging isa lamang kayong miyembro ng malaking iglesya, ganoon lang, hindi kayo maliligtas. Kinakailangang biyaya ang magligtas sa inyo. Ang mga kakayahan natin ay hindi sumasandig, at ang mga kakayahan natin ay hindi maaaring maging ating—ating. . . Ang mga kakayahan na taglay natin, hindi tayo maaaring magtamo ng biyaya sa pamamagitan ng ating mga kakayahan.

145 Kung ginawa akong isang mangangaral ng Diyos, hindi ibig sabihin dun na ang biyaya Niya ay sumaakin na. Hindi, hindi. Tanging ang biyaya Niya ang nagligtas sa akin. Hindi dahil sa

ipinapangaral ko ang Ebanghelyo, kaya naligtas ako. Hindi dahil sa nakapagsasalita kayo ng iba't ibang wika, ay kaya naligtas kayo. Oh, hindi. Hindi dahil sa kayo, dahil sa nakapapangaral kayo. Haya't hindi kayo naligtas dahil sa nakapapangaral kayo. Hindi kayo—hindi kayo naligtas dahil sa nakapagsasalita kayo ng iba't ibang wika. Hindi kayo naligtas dahil sa nagagawa n'yo ang anuman sa mga bagay na ito. Pinatutunayan 'yun ng Unang Mga Taga-Corinto 13, "Bagamat magsalita ako ng mga wika ng mga tao at ng mga Anghel, bagamat maunawaan ko ang lahat ng mga hiwaga ng Diyos (isang mangangaral), bagamat gawin ko ang lahat ng *ito*, at may pananampalataya upang mapalipat ang mga bundok, wala akong kabuluhan hanggang sa pumasok ang pag-ibig, ang pag-ibig." Ang pag-ibig ay biyaya. Ang biyaya ng Diyos na gumagawa ng lahat.

146 Ang ilang mga tao, mayroon kayong mga talento gaya nitong ilang mga hari ng rock-and-roll. Na sadyang pinasasama ang aking, hindi ko alam, pero pinasasama nito ang aking espirituwal na kalooban. Sasabihin ko sa inyo, kapag naririnig ko itong mga rock-and-roll na mga tugtugan tuwing Sabado ng gabi at umaawit sila ng rock-and-roll, at nagsasayaw magdamag, at pagkatapos sa kinaumagahan ay haharap sa mga tagapakinig at mga ganoong bagay na lakas-loob na haharap na may taimtim nang banal-banalang mukha, at tatayo roon sa harap ng mga tao at aawit ng ilang himno, at inaakala nilang pupunta sila sa Langit. Masasabi ko ang ilang mga pangalan, pero hindi na kailangan. Maaabot ng teyp na ito ang lahat na mga dako. Pero alam n'yo na itong lahat. Isang kabataan pang lalaki rito kailan lamang, sa Hollywood, ang ayaw raw niyang halikan ang isang kabataang babae dahil sa taliwas ito sa kanyang "relihiyon." Taliwas daw sa kanyang "relihiyon," at gumagawa naman ng mga pelikulang rock-and-roll at mga bagay-bagay na kahiya-hiya, at mga bagay na gaya—gaya nun. Sa akala mo ba'y magagamit mo ang iyong tatlumpung pirasong pilak at magiging karapat-dapat sa kung anong bagay sa biyaya ng Diyos, Judas? Wala kang mabibiling anuman kundi isang lugar sa impyerno na nakalaan para sa iyo!

147 Hindi ka maaaring makipagtawaran ukol sa biyaya ng Diyos, ni maging...magtaglay ka man ng mga talento. Ito'y pinaka makapangyarihang biyaya! "Walang kahit anong sa bisig dala-dala, tanging sa Iyong krus ako lamang kumakapit umaasa." Hubad, sugatan, ako'y lumalapit lamang sa kung ano ako.

> Narito ako, walang maipagmamalaking ako,
> Subalit ang Iyong Dugo sa akin ay nabubo,
> At Iyong ipinamamanhik na ako sa Iyo'y lumapit,
> Oh Cordero ng Diyos, ako'y lumalapit!

148 Ganoon lamang, biyaya ang nagdala sa akin. Ibinunsod 'yun ng biyaya. Ang biyaya ay gaya ng, isa pang bagay na gusto kong sabihin, kung minsan ang biyaya ay . . .

149 Ang malalaking mga simbahang ito, akala nila'y maaari kang pumunta roon, akala nila, "Buweno, itinayo namin ang pinakamalaking simbahan sa siyudad. Mayroon kaming samahang-lingap ng mga kababaihan dito na tumutulong sa mahihirap. . .gumagawa ng mga damit para sa mahihirap, at ipinapadala 'yun sa ibayong-dagat. Pinapakain namin ang mahihirap. Ginagawa naming lahat ang *ganito*."

Sabi ni Pablo, "Kaya kong gawin ang ganoon din, at walang pa ring kabuluhan."

150 Sinasabi nila, "Buweno, kami, matagal-tagal na kaming organisasyon. Narito na kami nang dalawang libong taon. Limang daang taong gulang na ang grupo namin. Sina John Wesley, Alexander Campbell, at lahat nitong mga dakilang tagapagtatag noon, sila ang nagtatag ng aming iglesya. Hallelujah!"

151 Buweno, itinatag ni Jesus Cristo ang Iglesyang ito, ang bautismo ng Espiritu Santo, at sinabi sa kanilang pumunta roon sa Pentecostes at maghintay hanggang sa matanggap nila ang Kapagyarihang galing sa Itaas.

152 At ganoon pa man maaari kayong mapabilang sa iglesyang Pentecostal at mapahamak pa rin. Ang iglesyang Pentecostal ay pareho lang sa anumang iba pang iglesya. Siyanga.

153 Mangyari nga, na may isa lamang Iglesya, 'yun ang Iglesyang pinagpanganakan sa inyo sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo, "Sapagkat sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat tungo sa isang Katawan," Unang Mga Taga-Corinto 12:13, tama 'yun, Unang—Unang Mga Taga-Corinto 12. Ngayon, nabautismuhan tayo sa Iglesyang 'yun.

154 Subalit iniisip ng mga tao na maaari silang maging karapat-dapat dito sa ganang sarili nila. "Aba, kami, ako—nakapag-aral ako at natutunan kong gawin ang *ganito,* at pumasok ako sa mga seminaryo at gumawa ako . . . " Walang kabuluhan ang isa man n'yan. Hindi n'yo mabibili ang biyaya ng Diyos.

155 Ang biyaya ng Diyos ay gaya nito. Hayaan n'yong kuwentuhan ko kayo ng isang kwento, sa pagtatapos. Ang biyaya ng Diyos ay gaya nito. Minsan may isang makapangyarihang hari, at ang makapangyarihang haring ito ay may isang anak na lalaki at ito ang na-iisa niyang anak. At isang araw may mamamatay-tao na pumatay sa kabataang lalaking ito. At sa buong kaharian na 'yun ay tinugis ng mga espesyal na kawal ang mamamatay-taong 'yun. Sa wakas ay natagpuan nila ang mamamatay-tao. At noong matagpuan nila siya, dinala nila siya pabalik at ibinilanggo siya. At noong maikulong na nila, isang paglilitis ang itinakda at isang sentensiya ang

napagpasyahan. Oh, isang napakakakakila-kilabot na bagay 'yun. Pinatay niya ang anak ng hari, at alam niya kung ano ang magiging kahihinatnan niya.

156 Inilagay nila siya sa bartolina, ikinandado nila ang mga pintuan, naglagay sila ng pangdobleng takip para wala kahit isa na . . . haya't nakapaligid ang mga guwardiya dito, mangyari nga na alam natin kung gaanong kakila-kilabot na parusa ang matatanggap ng kabataang lalaking ito, dahil pinatay niya ang anak ng hari, ang maharlikang, anak ng hari. Nagpapuwesto sila ng mga guwardiya sa buong paligid sa lahat na mga pintuan. Inilagay siya sa panloob na mga selda. Hinubaran, na walang suot na kahit ano maliban sa isang—isang bahag. At hayun siya, nasadlak sa ganoong kalagayan. Nagugutom, ayaw siyang bigyan ng kahit anong makakain. Naroroon siya sa ganoong kalagayan.

157 Pagkatapos dinala nila siya sa isang paglilitis. Nasumpungan siyang may sala at napatunayang may sala. Isang sentensiya ang napagpasyahan, na siya ay bibitayin sa ilalim ng kakila-kilabot na parusang kamatayan, papatayin siya nang pulga-pulgada hanggang sa kumawala ang kanyang mortal na buhay. Sinentensiyahan na ng hukom, siya ay pinatawan na mamatay. At nagmakaawa siya at umiyak siya, at sinabi niya, "Bagamat ako'y may sala, bagamat ako'y may sala, humihingi ako ng tawad sa ginawa kong 'yun. Kung maaari lang ay di ko 'yun ginawa. Humihingi ako ng kapatawaran sa nagawa kong 'yun. Dahil nung munting sandali na 'yun, sa matinding bugso ng galit, nagawa ko 'yun. Hindi ko ginusto na gawin 'yun."

158 Isang araw nagpunta ang hari doon sa naturang lugar, upang dalawin ang kabataang lalaki, para sabihin sa kanya, makipag-usap sa kanya at sabihin sa kanya ang tungkol sa pagkapatay sa sarili niyang anak, ang tanging anak na mayroon siya. Pinatay kasi ng lalaking ito ang anak na 'yun. Sabi ng hari, "Pupunta ako para kausapin siya."

159 At noong nagpunta na ang hari roon, tumingin siya sa kulungan dun, mangyari nga na naroon siya na parang nakahawlang hayop. Nakita ng hari ang munti't payat na katawan na nakaratay roon sa isang sulok, umiiyak. Lubog na lubog ang mukha nung binatilyo dun, ang mga panga niya ay nakalubog na, ang mga mata niya ay napakalalim na, may dumi sa buong mata niya, at ang bibig niya'y namumuti na; walang tubig, nauuhaw. Nakahandusay roon na nakasalampak ang mukha, umiiyak. Sabi ng hari, "Tumayo ka." Lumapit ang hari sa kanya, at tiningnan niya siya. Sabi niya, "Bakit mo pinatay ang aking anak? Anong ginawa ng anak ko sa iyo? Anong ginawa niya para mamatay ng ganoong kamatayan na gaya ng pagpatay mo sa kanya, sinaksak siya hanggang mamatay gamit ang isang sibat?"

160 Sabi niya, "Wala po, panginoon ko, walang kahit isa man. Sarili ko lamang ito na kapusungan, sarili ko lamang na gawi. Pinatay ko siya dahil sa nainggit ako sa kanya, at sinumpong ako ng galit at pinatay ko siya." Sabi, "Ngayon mamamatay ako para magawaran kayo ng hustisya, ginoo. Napagtatanto ko iyon at dapat lang sa akin na gawin ito. Ang bagay lamang na iniiyak ko, ay sadyang nagsisisi ako na pinatay ko ang isang maharlikang tao na gaya niya, na walang kadahi-dahilan."

161 Biglang bumaling ang hari't lumabas, pumunta roon sa mesa, at nagsabi, "Sirain n'yo lahat ang mga rekord!" Alam n'yo, ilagay ang mga 'yun sa dagat ng pagkalimot. "Siraing lahat ang mga rekord! Hugasan n'yo siya, linisin siya. Magpapadala ako ng damit para sa kanya."

162 Pagkaraan ng ilang sandali, isang mahaba't magarang sasakyan ang dumating sa may pintuan. Noong dumating ito, isang alpombra ang inilatag sa selda ng bilangguan. Nakatayo ang hari sa dulo ng sasakyan na 'yun, sabi, "Halika, anak ko, at sumakay kang pauwi kasama ko sa palasyo," ipinatong sa balikat nung binata ang balabal ng hari. Sabi niya, "Magmula ngayon ikaw ay aking anak."

163 Dahil nahahabag siya, ganoon ang biyaya. Ako 'yun, kayo 'yun. Pinatay natin ang Anak ng Diyos, dahil sa mga kasalanan natin. Mga dayuhan tayo, marumi, karumal-dumal, nakahimlay sa mga selda ng sanlibutan. Hinugasan tayo ng Diyos sa pamamagitan ng Dugo ng Sarili Niyang Anak, at nilinis tayo, sinuotan ng balabal ng Espiritu Santo. At ngayon ang dakilang karwahe ng Diyos ay hihinto sa may pintuan balang araw, at uuwi na tayo upang mamuhay kasama Niya. Ang lahat ng mga rekord ay sisirain, hindi na tayo maaaring kondenahin pa; susunugin ang mga 'yun, iwawaksi Niya ang mga 'yun sa dagat ng kapatawaran at hindi na aalalahanin pa ang tungkol dito. Kaya naman naaawit natin:

> Kamangha-manghang biyaya! Napakasarap
>   sa tainga,
> Na ang tulad kong kapus-palad ay iniligtas
>   kahit di karapat-dapat!
> Ligaw man ako noon sa daan, subalit ngayon
>   ay nasumpungan,
> Dating pinid ang mga mata, subalit ngayon ay
>   nakakakita.
>
> Biyaya ang nagturo na matakot yaring puso,
> Sa biyaya rin panlulumo dagling maglalaho;
> Wala na ngang maitutumbas sa biyaya Mong
>   naipamalas
> Nang mga oras ngang iyon pananampalataya
>   ko'y tuon!

164 Maaari n'yo bang ilaan na ang oras na ito mismo ngayon, kaibigang makasalanan, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo pansumandali para sa isang pagdulog na panalangin? Ito nawa ang oras na tuon kayong manampalataya, ngayon na mismo. Magpasya na kayo, at sabihin, "Panginoong Diyos, ako'y nagkasala. Napagtanto ko na kinakailangan ng biyaya upang maligtas ako. Hindi ko kayang iligtas ang sarili ko. Ako'y naligaw. Katapusan ko na. Sadyang wala akong magagawang isa mang bagay. Ganap ako—ganap ako—ganap ako na walang magagawa, walang pag-asa, walang Diyos, walang kahabagan, walang Cristo, nasa sanlibutan, napalayo. Maaari po bang mahabag Ka at ilabas Mo ako sa seldang ito ng kasalanan na kinalalagyan ko ngayon, Oh Panginoon? At kahabagan ako, na isang makasalanan." Maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay, sabihin, "Panginoong Diyos, ako ang taong 'yun na nangangailangan ng Iyong biyaya"? Maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay, sabihin, "Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham, ako ngayon ay sasampalataya"? Pagpalain ka ng Diyos diyan sa likod, kapatid kong lalaki.

165 May iba pa ba na magsasabi, "Kapatid na Branham, alalahanin mo ako ngayon, oh, kapatid, isama mo ako, sa panalangin." Pagpalain ka ng Diyos, binibini. "Manalangin na . . . " Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki, sa dako rito sa may bintana. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki, sa banda roon. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki, sa dako rito, diyan sa isa pa. "Alalahanin mo ako, Kapatid na Branham." Pagpalain ng Diyos ang kapatid kong lalaki riyan. Oo, pati ang isa pa rito. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos dito, kapatid na lalaki. Nakikita Niya kayo ngayon. Talagang totohanin n'yo ito. Pagpalain ka ng Diyos, kabataang lalaki. Nakikita Niya, nalalaman. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae na nakasandal sa may dingding. Pagpalain ka ng Diyos sa dako rito, kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki na nariyang nakasandal sa may dingding.

> Just as I am, without . . .

Mayroon pa bang iba? Pagpalain ka ng Diyos. Nakikita ko ang kamay mo riyan sa likod.

> But that Thy Blood was shed for me,

Opo, Panginoon. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae.

> And that . . . (Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae.) . . . Thou bids me come . . . (Pagpalain ka ng Diyos, diyan sa pinakalikod . . . ? . . . ) . . . Thee,

Manalangin, manalangin, mga Cristiano.

ako...(Pagpalain ka ng Diyos, kabataang binibini.)...I come!

Just as I am, and waiting not
To rid my soul of one dark blot,
To Thee, Whose Blood can cleanse each spot,
O Lamb of...(biyaya, oh, biyaya!) I come! I come!

166 Ngayon, nasa mga labinlima o dalawampung mga kamay ang nakataas. Ngayon habang nakayuko ang inyong mga ulo, hihilingin ko sa inyo na mga nagsipagtaas ng inyong mga kamay, marahan ngayong tumayo lamang sa inyong mga paa habang naghahandog ako ng panalangin para sa inyo. Wala tayong espasyo rito sa may altar. Sadya lang pong, hindi tayo makakapagpapunta rito sa harap. Kaya tumayo lamang kayo, bawat isa na nagtaas ng kanilang kamay, na nagnanais na maipanalangin ngayon. Tumayo kayo ngayon habang naghahandog ako ng panalangin. Tumayo lamang, nasaan man kayo.

...shed for me,
And that...(Mainam 'yan, pagpalain ka ng Diyos...?...)

...bidd'st me come to Thee,
O Lamb of God, I come!

167 Tandaan n'yo, maaaring dumating ang isang araw na hindi na mamamalagi pa ang biyaya, hindi na mananagana pa para sa inyo, huli na ang lahat sa oras na 'yan. Ngayon ay hindi pa huli ang lahat.

168 Oh Diyos, Ama ng aming Panginoong Jesus Cristo, na Siyang nagbuhay na mag-uli sa aming Tagapagligtas mula sa mga patay, na nabubuhay ngayon, Siya Na pinakadakila sa Kaluwalhatian, isinugo ang Banal na Espiritu ni Cristo sa amin, upang magdulot ng kombiksyon sa makasalanan. Diyos, idinadalangin ko ang mga taong ito na nakatayo. Ito ang katotohanan, Panginoon. Sinabi Mo, "Ang magpapatotoo sa Akin sa harap ng mga tao, ay patototohanan Ko naman sa harapan ng Aking Ama at ng mga banal na Anghel." Alam naming, sa pagtayo namin doon sa dakilang umaga ng paghatol, napakadakilang panahon nga 'yun. Nakatayo sila ngayon, Panginoon, upang ang kanilang mga kasalanan ay mauna't lumisan sa kanilang harapan; ang mga kasalanan ng ilang mga tao ay sumusunod-sunod pa. Ang mga taong ito ay nakatayo rito sa umagang ito dahil ipinapahayag nila ang kanilang mga kasalanan, nalalaman na nakagawa sila ng pagkakamali at ibig Ka nila bilang kanilang Tagapagligtas. Saliksikin Mo po ang mga kalooban ng mga puso, at nalalaman Mo ang tungkol sa lahat ng mga ito.

169 Idinadalangin ko, Ama, na Iyo pong ipagkakaloob ang kanilang mga kahilingan. Iligtas Mo po sila. Sila ang mga tropeo ng munting Mensahe ngayong umaga, ukol sa biyaya ng Diyos; kahit na ano pa ang nagawa namin, umaabot pa Ka rin at inaabot kami. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Magkaloob Ka ng biyaya sa mga pusong ito. Makita nawa nilang palagi si Jesus bilang kanilang Tagapagligtas. Kumilos na sila. Sinabi sa kanila ng Espiritu Santo na tumayo at ginawa nila 'yun. Sinasabi ng Espiritu Santo na sila'y tumayo. At sila, sa pagsunod sa Espiritu, ay tumayo.

170 Ngayon, Panginoon, tuparin Mo po ang Iyong Salita. Sinabi Mo, "Walang makalalapit sa Akin malibang ilapit muna siya ng Aking Ama. At ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama, ay lalapit sa Akin. Ang lalapit sa Akin, ay kailanman hindi Ko itataboy. Ang dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan, at hindi na hahantong sa kahatulan kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan." Kaya naman, Panginoon, sa batayan ng mga Kasulatang ito, ang mga ito'y Sarili Mo po Mismong mga Salita, Panginoon, na mababasa namin sa San Juan 5:24, "Ang dirinig ng Aking mga Salita at sasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay mayroon na!" Bakit? Sapagkat nanampalataya na siya, dinalaw siya ng biyaya. "Dumating na sa Buhay na walang hanggan, at hindi na darating sa kahatulan (pupunta na siya bago ang kahatulan), at hindi na hahantong sa kahatulan kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan." Oh Diyos, lubos Ka naming pinasasalamatan para rito!

171 Dalangin namin ngayon na Iyong pangangalagaan sila sa buhay. Sila nawa, bawat isa, ay magpabautismo, habang tumatawag sa Pangalan ng Panginoon, hinuhugasan ang kanilang mga kasalanan. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

172 Ngayon akin silang inihaharap sa Iyo, bilang Iyong lingkod, naniniwala na ang dakilang Anghel ng Diyos Na nagpakita sa dako roon. At, Ama, alam Mo po ang buong kuwento, at nagpakita ang dakilang Anghel na 'yun doon ng umaga ng Biyernes, noong nagliliwayway na madaling-araw pa lamang, at sinabi ang mga Salitang ito, sa anyo ng tatlong bahaghari na lumabas mula sa ibabaw ng bundok. Panginoong Diyos, mangyari nawang ang Diyos Na nagpakita sa akin doon sa mga bahaghari, mangyari nawang iligtas Niya ang mga taong ito, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, ngayon din. Itinatagubilin ko sila sa Iyo, umaasa na Iyong tutuparin ang Iyong Salita, at tutuparin Mo nga po, at makakatagpo ko sila sa dakilang araw na 'yun, na walang bahid o kulubot sa kanilang kaluluwa. Ipagkaloob Mo po ito. Sa Pangalan ni Jesus, ibinibigay ko sila sa Iyo. Amen.

173 Pagpalain kayo ng Diyos. Ngayon sa pag-upo ninyo, kung sino man ang nakaupo na malapit sa kanila na mga tao na

Cristiano, kamayan n'yo sila. Sabihin n'yo sa kanila, anyayahan n'yo sila sa simbahan, at ano pa, na maaari silang . . . Oh, hindi ba't Siya'y kamangha-mangha?

> Amazing grace! how sweet the sound,
> That saved a wretch like me!
> I once was lost, but now I'm found,
> Was blind, but now I see.
>
> Was grace that taught my heart to fear,
> And grace my fears relieved;
> How precious did that grace appear
> The hour I first believed!

Sumampalataya na ba kayo? Kung sumampalataya na kayo, itaas n'yo ang inyong kamay.

> Oh, how I love Jesus,
> Oh, how I love Jesus,
> Oh, how I love Jesus,
> Because He first loved me.
>
> When we've been there ten thousand years,
> Bright shining as the sun;
> We've no less days to sing God's praise (Salamat sa Diyos!)
> Than when we first begun.

174 Mahal n'yo ba Siya? Ngayon, Hindi ba't Siya'y kamangha-mangha? Ngayon:

> When . . .

Habang inaawit natin 'yun uli, ibig kong kamayan n'yo ang taong katabi n'yo, at marahang sabihin mismo, "Pagpalain ka ng Diyos, manlalakbay." Yung talagang kalugud-lugod at banal na pagsasabi siyanga.

> When we've . . . ( . . . ? . . . )
> . . . God's praise
> Then when we first begun.
>
> At the cross, at the cross where I first saw the Light,
> And the burden of my heart rolled away,
> It was there by faith I received my sight,
> And now I am happy all the day!
>
> Oh, at the cross, at the cross where I first saw the Light,
> And the burden of my heart rolled away,
> It was there by faith I received my sight,
> And now I am happy all the day!

Hindi ba't kayo'y nagagalak?

I'm so glad that Jesus sets me free,
I'm so glad that Jesus set me free,
Oh, I'm so glad that Jesus set me free,
Singing, glory, Hallelujah, Jesus set me free.

Oh, I'm so glad that Jesus set me free,
Oh, I'm so glad that Jesus set me free,
Oh, I'm so glad that Jesus set me free,
Singing, glory, Hallelujah, Jesus set me free.

175 Hindi ba't iniibig n'yo Siya? Hindi ba't Siya'y kamangha-mangha? Oh, sadyang sa palagay ko'y kamangha-mangha Siya. Ngayon, bulayin n'yo lamang, haya't ang Bibliang ito'y ang Kanyang Katotohanan, at itinuturo ng Bibliang ito na Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Nais kong tanungin kayo ng isang bagay. Kung Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. . . patawarin ako ng Diyos sa pagsasabi ng tila pamumusong na salitang ito, "kung," yamang Siya nga ay siya pa rin. Subalit kung Siya ay siya rin, ipinapalagay ko ito na halimbawa ganoon, kung ganoon anong uri ng Persona Siya? Siya ay magiging kung papaano Siya noon.

176 Ngayon, mayroon lamang isang bagay na naiiba sa Kanya sa pagparito ngayong umaga kaysa noong nasa gitna siya ng mga tao sa Galilea, iyon ay ang Kanyang Sariling katawan na laman, ang Kanyang katawang korporal; dahil sa iniakyat na 'yun (naniniwala ba kayo roon?), nakaupo na sa kanan ng Kamahalan sa Kaitaasan, nabubuhay na magpakailanman upang mamagitan para sa ating mga pagpapahayag. Tandaan, hindi Siya makagagawa ng isa mang bagay para sa atin hanggang sa tanggapin muna natin Siya at sampalatayanan na ginawa na Niya, at sinasabing ginawa na nga Niya, dahil Siya ang Dakilang Saserdote na maaaring . . . Siya ang Dakilang Saserdote na namamagitan sa ating mga pagtatapat.

177 Ngayon marami sa inyo na mga nagbabasa ng Biblia ay nagsasabi na ang sinasabi roon ay "ihayag." At ang *ihayag* at *pagtatapat* ay magkaparehong salita. Kita n'yo? "Ginawang Dakilang Saserdote," sa Aklat ng Mga Hebreo, ika-3 kabanata, "ngayon ay namamagitan sa ating mga pagpapahayag." Kung ganoon wala Siyang magagawa hanggang sa ipahayag muna natin na ginawa na Niya ito. Kita n'yo, pumunta man kayo rito sa altar at manalangin nang magdamag, wala itong magagawa sa inyo na katiting man na mabuti hanggang sa manampalataya kayo na pinapatawad Niya kayo, saka kayo tumayo. Pagkatapos gaano mang pananampalataya na taglay n'yo, diyan nga kayo . . . Haya't namuhay kayo minsan sa dako *rito* sa putikan ng kasalanan. Ngayon, kayong mga bagong akay, ngayon nananampalataya kayong kayo'y ligtas na, hindi ba? Kung ganoon umangat na kayo *rito*, umangat na kayo nang mas mataas nang kaunti. Ano ang may gawa nun? Ang inyong pananampalataya, sapagkat naniniwala kayong Cristiano na

kayo ngayon, mamumuhay na kayo nang mas mataas sa bagay na 'yun ngayon. Kita n'yo? Ngayon kung gusto pa n'yong tumaas pa nang kaunti, sadyang magkaroon lamang ng mas higit pang pananampalataya, dahil 'yun nga'y walang limitasyon, mangyari nga na kayo'y magpatuloy lamang.

178 Buweno, oh, ang isang imposible ay maaaring maipaging realidad. Ang lahat ng bagay ay posible sa kanila na nananampalataya. Siyanga. "Kung sasabihin mo sa bundok na ito, 'malipat ka,' at hindi mag-aalinlangan sa iyong puso, kundi mananampalataya na mangyayari ang iyong sinabi, mapapasaiyo ang sinabi mo."

Ngayon tumatahan si Jesus Cristo sa mga tao.

179 Isang araw napasa isang Haliging Apoy si Cristo, Yaong nakita ninyong nakuhanan ng litrato, pinaniniwalaan nating Ito ay ang Jehovah na Diyos. Iyon ang sinisikap na iparating sa atin ng Anghel. Ngayon, nasa pagiging Ama Siya noon, Siya ang Ama ng Israel, na isang bansa.

180 Pagkatapos ay dumating Siya at nanahan sa gitna ng Kanyang bayan, bilang Cristo, na Anak. Tama ba? Si Cristo ay ang Anak ng Diyos.

181 Ngayon Siya'y si Cristo, ang Espiritu Santo, na siyang Pahid. Ang ibig sabihin ng *Cristo* ay "ang pinahiran," at Yaong pinahiran na nasa mga tao, si Cristo na kasama natin, ang Espiritu Santo. Ito'y si Cristo na kasama natin, nasa atin. Naniniwala ba kayo roon? Magpitagan lamang po nang maigi pansumandali lamang, tumaimtim lang. Ngayon Siya ay siya pa rin?

182 Sa tingin ko kanina may natanggap akong tawag, at ang sabi'y ang mga tao'y di-mapakali sa mga upuan at sa mga bagay-bagay riyan sa ibaba. Saka na natin pag-uusapan ang tungkol diyan sa isang gawain sa iglesya. Kaya sinabi ko kay Billy, kung mananalangin para sa mga maysakit, kung 'yung marami bang 'yun doon, ay nabigyan ba sila ng mga prayer card. Sinabi niyang mamimigay siya. Sa palagay ko'y namigay nga siya.

183 Itong huling dalawa o tatlong buwan, magmula noong nangyari ang isang pangyayari na 'yun, humantong po ang pagmi-ministeryo sa isang kalalagayan na tila nawawala na sa kaayusan. Nakikita nila ang pagkilala na 'yun at iba pa, kung papaano itong nangungusap at nagsasaysay sa mga tao, nang sadyang kaparehong-kapareho ng ginawa ng ating Panginoon nung narito Siya noon sa lupa. Nasaksihan ninyong lahat ito, sa palagay ko. Ilan dito ang hindi pa ito nakita o hindi pa nila nakita ito kailanman na napangyari? Patingin po ng inyong mga kamay, na mga hindi pa kailanman nasaksihan ito. Oh! Hindi pa kailanman nakikita ito na napangyayari. Buweno, may isang grupo rito na hindi pa ito nakikita kailanman, sa palagay ko'y mga dayo. Hindi natin alam kung taga-saan sila.

184 Halo-halo pong mga taga-iba't ibang denominasyon ang narito ngayon sa tabernakulo. Hindi kami laban sa mga denominasyon, pero kami'y—kami'y hindi rin naman umaayon sa kanila. Hinahayaan lamang namin sila na magpatuloy sa kanilang gawi. Naniniwala kami sa pagdadala sa mga tao... Kung gusto nilang bumalik sa denominasyon, sige, basta't ipinamumuhay nila ang isang Cristianong pamumuhay. Kami lamang—kami lamang ay isang himpilan ng pagliligtas ng kaluluwa. Ganoon ang pagmi-ministeryo ko sa kanila.

185 Ngayon, pero naniniwala akong itinuturo ng Biblia, sa Mga Hebreo 13:8, na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Naniniwala ba kayo roon? Buweno, kung Siya ay siya rin... Ngayon habang nakaupo kayong lahat nang talagang tahimik pansumandali lamang, Gusto ko kayong kausapin nang mula lamang sa puso ko, at saka na tayo dadako sa gawaing pagpapagaling. May gusto akong itanong sa inyo. Kung Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, kung gayon papaano Niya... Ang tanging paraan na masasabi natin na ganoon, kung isa Siyang Espiritu, kikilos Siya nang gaya ng ikinilos Niya kahapon. Tama ba? Kikilos Siya nang gaya ng ikinilos Niya kahapon. Papaano ba ang ikinilos Niya kahapon?

186 Naiiba ba Siya sa sinumang ibang tao? Isa lamang Siyang tao, mukhang isang tao. Siya nga ay isang tao. Ipinanganak Siya, Siya ay isang tao. Mayroon Siyang laman at Dugo. Nagdusa Siya, naghinagpis Siya, dumaan Siya sa mga tukso. Isa Siyang Tao. Tama, hindi ba?

187 Ngunit anong nagpaging Diyos sa Kanya? Yung Espiritu ng Diyos na sumasa Kanya. Siya ang pinahirang Mesiyas. At papaano nila nalaman na Siya nga 'yun? Sabi ni Moises, "Palilitawin ng Panginoon mong Diyos ang isang propetang gaya ko. At mangyayari na ang hindi makikinig sa Propetang ito'y mahihiwalay sa gitna ng bayan." Ngayon, isa Siyang propeta. Kung ganoon naghihintay ba ang Israel para sa isang propeta? Marapat lang, kung naghihintay sila para sa isang Mesiyas. At ang isang Mesiyas ay siyanga't magiging isang propeta.

188 Ngayon dumako tayo rito nang ilang sandali lamang, sa ilang mga sandali lamang, at makinig nang mabuti. Ngayon, ituon n'yo ang inyong isipan sa Diyos, dahil hindi natin alam kung anong maaaring gawin ng Diyos, hindi ko alam kung anong sasabihin Niya sa akin na gawin.

189 Alam kong mayroon tayong kaloob ng propesiya sa iglesya. Ang ating Kapatid na Neville, nagsasalita siya ng propesiya sa mga tao, na mainam. Ikinalulugod natin 'yan. Sumasangguni tayo roon noon pa man. Mayroon tayong ilan ditong nagsasalita ng iba't ibang wika. Hindi tayo naniniwalang kinakailangan ng mga taong magsalita ng iba't ibang wika upang masabing tamo

nila ang Espiritu Santo. Wala kang makitang anuman na gaya n'yan sa Kasulatan. Pero naniniwala tayong may isang kaloob ng Espiritu Santo na nagsasalita ng iba't ibang wika, mayroon tayo nito sa iglesya. Pero ginagawa na natin itong . . . Hindi tayo sige't bahala na't walang pagpipigil. Naniniwala tayong Ito'y ang Tinig ng Diyos. Nagsasalita tayo kapag nagsasalita ang Espiritu Santo, at hinahayaan mismo natin 'yun na dumating nang tatlong beses. At kinakailangan nitong . . . hindi maaaring habang nangangaral ako o mangyaring dapat ay nasa kaayusan, dahil ang espiritu ng mga propeta ay sumasailalim sa propeta. Kita n'yo? Kinakailangan itong lumapat nang tama sa Biblia. Walang makapagsasabing walang ganoong bagay na gaya ng kaloob ng Espiritu Santo at pagsasalita sa iba't ibang wika. Alam natin 'yan. Itinuturo 'yan ng Biblia, at naniniwala tayo riyan. At salamat sa Diyos na mayroon tayo nito rito sa ating iglesya! May mga kaloob tayo ng propesiya, kinakailangan muna silang masubok at makita kung tama ba ang mga ito o hindi, at kaya kaloob ng propesiya nga ito.

190 Mangyari nga na may propeta. Ngayon, ito, ngayon dumarako na kayo sa isang katungkulan.

191 Ang mga kaloob na 'yan, ang mga 'yan ay, pagsasalita ng iba't ibang wika, at pagpapaliwanag ng iba't ibang wika, at kaalaman, at karunungan, at espirituwal na pagkilala, at iba pa. Ang lahat ng mga 'yan ay mga kaloob.

192 Subalit pagkatapos may limang katungkulan. Una ay mga apostol, mga propeta, mga guro, mga ebanghelista, at mga pastor. Ang mga ito'y mga itinalagang katungkulan ng Diyos. Itinalaga na taglayin ng mga tao, kita n'yo. Hindi sila, hindi maaari . . . Hindi mo maaaring hangarin ang mga ito, hindi ka maaaring manalangin para makuha ang mga ito; malayang ipinagkaloob ang mga ito, ipinanganak kayo na itinalaga na ito.

193 Hindi naging propeta ang isang propeta sa pagpatong ng isang tao ng kamay sa kanya at doon pa lang siya ginawang isang propeta. Ang isang propeta'y ipinanganak mula sa sinapupunan ng kanyang ina, na isa nang propeta, kita n'yo, kaya noon pa ma'y propeta na siya. Kita n'yo?

194 Sinabi ng Diyos kay Jeremias, sabi, "Bago ka pa man ipinaglihi sa sinapupunan ng iyong ina," sabi, "nakilala na Kita at pinaging banal ka at hinirang Kitang isang propeta sa mga bansa." Siyanga. Kita n'yo? Si Moises, bago siya ipanganak, isa na siyang magandang bata. Siya ang propeta ng Panginoon. Ang lahat ng iba pa sa kanila ay ganoon din na ipinanganak. Si Cristo ay ang Anak ng Diyos, magmula sa halamanan ng Eden. Siyanga. Kita n'yo, ang mga kaloob at mga pagtawag ay hindi mababago.

195 Mangyari nga na ipinagkakaloob sa Katawan ang mga kaloob. Ngayon kinikilala natin ito, kinikilala natin ang lahat ng mga kaloob na ito.

196 Ngayon tingnan natin kung ano si Jesus sa gitna natin, tingnan natin kung ano Siya noon. Nalaman natin noong una Siyang nagpapasimula ng Kanyang pagmi-ministeryo... Ngayon, makinig po kayong mabuti, baguhan. Noong una Niyang pinasimulan ang Kanyang pagmi-ministeryo, diyan sa San Juan, sa unang kabanata, nalaman natin pagkatapos na Siya'y nabautismuhan, pagkatapos Niyang dumating... Ipinanganak Siya at noong magtatlumpung taong gulang, binautismuhan Siya ni Juan. Bumaba ang Espiritu Santo na gaya ng isang kalapati at bumaba sa Kanya, at dumating ang isang Tinig at nagsabi, "Ito ang minamahal Kong Anak na Siyang..." Ang sabi ng tunay na orihinal na Griyego, "Na Siya Kong kinalulugdang panahanan." Sabi, "Na Siya Kong kinalulugdan, na Siya—na Siya Kong kinalulugdang panahanan." Pero, kita n'yo, para bang medyo pabaligtad 'yun sa lingguwahe natin, at ang pandiwa'y bago ang pang-abay, pero ang aktuwal na pagkakasabi nun, "na Siya Kong kinalulugdang panahanan." Dahil, si Cristo, ang Diyos ay nakay Cristo, na pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanya rin. Alam natin 'yan.

197 Ngayon, pagkatapos na pagkatapos ay nagpunta Siya sa ilang ng apatnapung araw, tinukso ng diyablo. Pagkatapos lumabas Siya dala-dala ang Kanyang pagmi-ministeryo, nagpasimula sa pananalangin para sa mga maysakit.

198 Pagkaraan, may dumating na lalaking nagngangalan na Simon Pedro, isang dati nang mangingisda, walang pinag-aralan, ni hindi niya maisulat ang sarili niyang pangalan. Ipinamalita sa kanya ni Andres ang tungkol sa Lalaking ito na pinaniniwalaan niyang Mesiyas. "Kalokohan!"

199 Lumapit siya sa Kanya. At pagkalapit na pagkalapit niya sa Presensya ni Jesus, sinabi ni Jesus, "Ang pangalan mo ay Simon, at ikaw ay anak ni Jonas." Alam niyang may bagay na nangyari. Nalaman niyang iyon ang Anak ng Diyos. At nalugod Siyang ibigay sa kanya ang mga susi sa Kaharian, ginawa siyang pangulo ng iglesya.

200 May isang lalaking nakatayo roon, na nagngangalang Felipe. Nakita 'yun ni Felipe, at sa isip-isip niya, "Kamangha-mangha! May kilala akong tao na isang mag-aaral ng Biblia, naninirahan nang mga nasa labinlimang milya sa paikot ng bundok. Tatakbo ako papunta roon at sasabihin sa kanya. Ang pangalan niya ay Natanael."

201 Tumakbo siya papunta roon nang talagang mabilis noong araw ring 'yun. Kinaumagahan nakarating siya roon, marahil noong magbubukang-liwayway. Tumakbo at kumatok sa pintuan. At ang sabi ni Gng. Natanael, "Buweno, naroon siya sa halamanan diyan sa labas, Felipe." Ang kaibigan niya, pinuntahan niya, at ang kaibigang ito ay nasa kanyang mga tuhod, nananalangin. Pagtayong-pagtayo niya sa kanyang mga

tuhod, sabi ni Felipe, "Halika, tingnan mo kung Sino ang natagpuan ko! Si Jesus na taga-Nazaret, ang anak ni Jose."

202 Ngayon itong relihiyosong, dakilang dignitaryo ay nagsabi, "Mayroon bang mabuting bagay na maaaring manggaling sa Nazaret?" May magandang wikain siya na nasabi, mabuting bagay, sabi niya, "Huwag kang manatili sa bahay at diyan mamumuna, huwag kang magsasalita ng kuro-kuro tungkol dito. Halika na lang, saksihan mo mismo. Halika, saksihan mo! Pumunta ka mismo, alamin mo mismo kung mayroon bang mabuting bagay na maaaring manggaling sa Nazaret."

203 "Ibig mo bang sabihin ang Mesiyas? Aba, darating ang Mesiyas, bababa Siya, at bababa mula sa . . . Ibababa ang mga pasilyo ng Langit, lalabas Siya mismo mula sa palasyo. Pupunta Siya sa aming malaking organisasyon." Ganoon pa rin mapasa hanggang ngayon ang kaisipan ng mga tao, kita n'yo, na kinakailangan daw na pumunta ito sa kanilang organisasyon. "Pupunta Siya mismo sa aming organisasyon, maglalakad sa mga kulandong ng palasyo roon. At lalabas Siya sa labas ng bulwagan at aakyat mismo sa trono, at hanggang sa Kabanal-banalang dako, at magsasabi, 'Ako ang Mesiyas.'" Hindi kailanman dumating ang Mesiyas nang ganoon. Pumupunta ang Mesiyas kung saan Niya naisin. Siya'y dakila't malaya, ginawaga Niya kung anong ibig Niya.

Sabi niya, "Buweno," sabi niya, "halika't tingnan mo mismo! Halika, tingnan mo lang."

204 Huwag kang magpapatayo-tayo lang diyan at sasabihin, "Hindi ako naniniwala riyan sa kung anu-anong walang kabuluhan ng mga holy-roller." Pumunta ka mismo, alamin mo kung may katotohanan ba tungkol Dito.

205 Kaya siya, doon sa may daan, nauulinigan ko sila na nag-uusap. Sige't, gusto n'yo bang malaman kung tungkol saan ang pinag-uusapan nila? Pakinggan natin at tingnan natin kung anong sinabi nila. Naniniwala ako, sa paglalakad nila sa gilid ng daan, alam n'yo, sabi ni Felipe, "Alam mo, Natanael, alam kong mag-aaral ka ng Biblia, kaya may gusto akong itanong sa iyo. Naghihintay tayo para sa isang Mesiyas, hindi ba?"

206 "Oh, siyanga, papalapit na tayo sa huling mga araw sa henerasyong ito at mangyari nga na ito, sa paniwala ko ang henerasyon na masisilayan ang Mesiyas." Ngayon pakinggan n'yo. "Oh, pero heto tayo, ni hindi nga tayo isang bansa, kalat-kalat tayo sa gitna ng mga tao. Paano mangyayari sa atin? Samantalang ganito!" Dumarating ang Diyos sa oras na hindi mo iniisip. Doon Siya pumaparoon.

207 Sabi niya, "Pero, sandali lang, anong uri ba ng tao ang Mesiyas pagdating Niya?"

"Oh, si Moises, na ating guro, ay sinabi sa atin na magiging isang propeta Siya kapag dumating na."

208 "May sasabihin ako sa iyo tungkol kay Jesus na taga-Nazaret. Naaalala mo ba 'yung matandang di-aral na mangingisda na pinagbilhan mo ng isda noong isang beses, kumuha ka, bumili ka sa kanya, at hindi niya mapirmahan 'yung resibo, walang kasi siyang sapat na edukasyon?"

209 "Oo! Oh, oh, oo, uh-huh. Si Jonas haya't anak siya na lalaki ni Jonas. Oo, bumili rin ako kay Jonas, siyanga."

210 "Buweno, ngayon, alam mo ba? Nagpunta roon si Pedro . . . " O si Simon, pala, ang pangalan niya'y Simon pa noon. Sabi niya, "Nagpunta si Simon sa Kanyang pagtitipon. At pagkalapit na pagkalapit niya, siya'y . . . Naalala mo ba kung papaanong dati-rati'y sinasabi sa atin ni Simon na nabanggit sa kanya ng tatay niya na 'Huwag padadaya, dahil magkakaroon ng maraming bulaang mga propeta bago dumating ang tunay na Mesiyas.' At totoo nga. 'Maraming mga huwad na mensahe ang lalaganap.' Pero sabi, 'Mababatid n'yo kapag dumating na ang tunay na Mensahe, dahil, alalahanin mo, naniniwala ang mga Judio na ang Mesiyas na ito ay isang propeta pagdating.' Naniniwala tayo sa ating mga propeta."

211 Tanungin n'yo ang isang Judio ngayon. Ang Israel, noong dinampot nila ang Bibliang 'yan sa bahaging 'yan mismo ngayon, mga galing pa ng Iran at iba pa, binabasa nila Ito. Sinasabi nila, "Kung ang Jesus na 'yun ay ang Mesiyas, ipakita n'yo sa amin na gawin Niya ang tanda ng propeta, paniniwalaan namin Siya." Siyanga, po. Alam nilang tapat sila na mga propeta.

212 Kaya sinabi marahil ni Natanael, "Oh, naniniwala akong isang propeta ang Mesiyas pagdating, dahil sinabi ni Moises, 'Magpapalitaw ang Panginoon ninyong Diyos ng isang propeta.'"

213 "Buweno, noong nasaksihan niya 'yun, si Simon nga na ikinukuwento mo, Sabi Niya, 'Ang pangalan mo'y Simon, at anak ka ni Jonas.' Hindi lamang Niya nakilala siya, kundi kilala Niya maging ang maka-Diyos na matandang Fariseong tatay nito."

"Ah! Hindi ko mapapaniwalaan 'yan. Napadpad ka na sa kapanatikuhan."

214 Sabi niya, "Oh, hindi, hindi ako napadpad! Sige't pumunta ka, alamin mo mismo. Halika, tingnan mo! Halika!" Doon sa daan, lumakad sila.

215 Sa pagsapit ay lumapit na siya sa Presensya kung saan naroon si Jesus, marahil nakatayo sa mga tagapakinig sa kung saang dako. Nakatayo roon si Jesus, tumitingin-tingin sa paligid. Pagkaraan ng ilang sandali tumingin Siya, at nakita si Natanael na nakatayo roon, sabi Niya, "Narito ang isang Israelita, na sa kanya'y walang daya!" Naglaho 'yung pagkapormal niya. Natigilan siya roon. "Narito ang isang Israelita, na sa kanya'y walang daya!"

216 "Aba'y Diyos 'yun," sabi niya. "Rabi," na ang ibig sabihin ay *guro*, "Rabi, kailan Mo ako nakilala? Hindi pa Kita nakita dati, isa akong dayuhan sa kongregasyong ito, Hindi pa ako nakadalo rito kailanman dati. Papaano Mo ako nakilala?"

217 Sabi Niya, "Bago ka pa tawagin ni Felipe, noong nasa ilalim ka ng puno, nakita na Kita."

218 Iyon si Jesus kahapon. Tama po ba? Kung Siya'y siya pa rin, ganoon pa rin Siya ngayon. Kunin natin ang isa pang bansa ng mga tao. Mayroong isang bansa ng mga tao . . .

219 Mayroong tatlong bansa lamang ng mga tao, at 'yun ay mga angkan nina Ham, Sem at Japhet. Kita n'yo? Ganoon nga mismo. Doon nga, noong Pentecostes, doon lumaganap ang Ebanghelyo sa mga Judio, pagkatapos sa mga Samaritano, at pagkatapos sa mga Gentil. Kita n'yo, itong mga salinlahi nina Ham, Sem, at Japhet, ay—ay tatlong bansa. Ngayon, dalawang bansa silang naghihintay ng isang Mesiyas; tayong mga Gentil noon ay hindi naghihintay. May mga pambambo pa tayong dala-dala sa ating likuran noong araw, mga pagano tayo, sumasamba sa mga diyus-diyosan; pero hindi—hindi ganoon sina Ham at Sem.

220 Ngayon, may isa pa noon, 'yung—'yung isa pang bansa'y ang mga Samaritano, na kalahating Judio at Gentil, na bunsod ng pakikipag-asawa sa kasalanan ni Kora noon, at nalihis sila. At naniniwala sila sa Diyos, naghihintay sila sa pagdating ng isang Mesiyas. Kaya nagpunta si Jesus, kinakatawan ang Kanyang Sarili sa harap nila. Pumunta Siya sa mga Judio, sa Sariling Kanya, pero kinailangan Niya ring dumaan sa Samaria. San Juan 4, nabasa n'yo ba dun? At kinailangan Niyang dumaan sa Samaria. Gayon nga na sumapit Siya sa siyudad ng Sicar, pagkatapos pinabili Niya ang Kanyang mga alagad ng ilang makakain. At habang wala pa sila . . .

221 Kung nakapunta na kayo roon, isa itong malawak na tanawin, isang balon, may pambayang igiban ng tubig, tila ba, kung saan ibinababa nila ang panalok ng tubig. Alam n'yo, pumupunta ang mga babae't kinukuha 'yung lubid-lubid at ibinababa ang panalok, kumukuha ng tubig, at ipinapatong ang sisidlan ng tubig sa kanilang ulo. At ngayon 'yung mga babaing may masamang reputasyon, ang masasamang babae, hindi sila maaaring magpunta't sumabay sa mabubuting babae. Hindi sila naghahalubilo noong panahong 'yun. Kapag masama ang isang babae, sumasama siya sa mga kapareho niya. Hindi na ganyan sa panahong ito; halo-halo na, anupa't sila . . . hayan nga sila, para ngang kapag inihihiwalay mo 'yung gitna nung itlog, puwedeng pumula lahat, kita n'yo. Kaya noon, sila, kaya itong pag-iigib . . .

222 Pumunta roon 'yung babaing may masamang reputasyon, mga nasa alas onse y medya o kinse minutos bago mag-alas dose, mga ganoong oras ng araw, naglalakad siya papunta roon upang kumuha ng isang timba ng tubig. At ibinaba niya ang . . . inilagay

ang. . .nakikinita ko siya na inilagay ang lumang paikutan doon at 'yung lubid-lubid, ibinaba ito sa balon, upang sumalok ng sangtimbang tubig. At noong oras mismo na unti-unti na niya itong itinataas, narinig niya ang isang tao na nagsabi, "Babae, dalhan mo Ako ng maiinom." At tumingin siya at may isang Judio. Ngayon, hindi sila noon nakikitungo sa isa't isa.

223 Lalaking nasa katamtamang gulang, Siya'y nasa trenta ang edad. Subalit ang sabi ng Biblia mukha na Siyang limampu, alam n'yo. Sabi niya, "Sinasabi Mong nakita mo si Abraham, at isa Kang lalaking wala pang limampung taong gulang." Pero tatlumpung taong gulang pa lang Siya. Kita n'yo? Sabi. . .sa palagay ko'y ang Kanyang pagmi-ministeryo ang nagpamukhang matanda sa Kanya. Kaya sabi ng Fariseo minsan, "Sinasabi Mong nakita Mo si Abraham, ngayon alam na naming may diyablo Ka."

224 Sabi Niya, "Bago pa si Abraham, ay AKO NGA." Kita n'yo, Siya ang Diyos ni Abraham. Tunay, Siya nga. Sabi Niya, "Bago pa si Abraham, ay AKO NGA." Tunay.

225 At ngayon, hayun Siyang nakaupo sa may balon, sabi Niya, "Babae, dalhan mo Ako ng maiinom."

226 Sabi nito, "Hindi 'yan ang kaugalian. Mayroon kaming segregasyon dito." Gaya nila dati sa Timog, sa mga itim at puti, kita n'yo. Sabi nito, "Mayroon kaming segregasyon dito. Hindi kaugalian para humiling Ka sa akin, Ikaw (na isang Judio) hihingi sa akin (na isang babaing Samaritana) para magbigay ng anumang pabor, kahit ano. Hindi tayo nakikipag-ugnayan sa isa't isa." Isa siyang munting babaing patutot, alam n'yo. Haya't, marahil isang magandang munting babae. At nakatayo siya roon, marahil ang paalon niyang buhok ay nakalugay sa kanyang mukha, alam n'yo, haya't dahil sa pamamalagi sa labas nang magdamag. At—at kaya sabi niya, at sabi niya, "Hindi kaugalian para humingi Ka sa akin, isang babaing Samaritana, ng ganyan."

227 Sabi Niya, "Babae, kung kilala mo kung Sinong kumakausap sa iyo, at kung kilala mo lang kung Sinong kinakausap mo, hihingi ka sa Akin ng maiinom." Iyon ang Mesiyas nang kahapon, kita n'yo. "Hihingi ka sa Akin ng maiinom, bibigyan Kita ng tubig na hindi mo ipinarito para igibin."

228 "Aba," sabi ng babae, "malalim ang balon, at wala Kang pangsalok, saan Ka kukuha ng ibibigay Mo sa akin na ganyang tubig?" Sabi, "Ang aming amang si Jacob!" Kita n'yo, Samaritana siya, pero tinawag niya si Jacob na kanyang ama, rin naman. "Sa aming ama ito, uminom si Jacob sa balon na ito, ang kanyang kawan, ang kanyang sambahayan. At sa kabila nun sinasabi Mong mayroon Kang tubig na higit na dakila kaysa rito?" Sabi, "Sinasabi Mo 'sumamba,' Ikaw bilang isang Judio,

sinasabi Mo 'Jerusalem.' Sinasabi naman namin dito sa bundok na ito."

229 Sabi Niya, "Babae, dumating na ang oras, at ngayon na 'yun, na sasambahin ng mga tunay na sumasamba ang Diyos sa Espiritu, dahil ang Diyos ay isang Espiritu." Kita n'yo? "Hinahanap ng Ama ang gayong mga sumasamba na gawin ang gayon."

Anong ginagawa Niya? Kinakausap Niya ang babae, upang kaugnayin ang kanyang espiritu. Kita n'yo? Ngayon, alalahanin, kinakailangan Niyang mahayag bilang Mesiyas, sa harap nilang mga Samaritano. At deretsahang natagpuan Niya ang suliranin ng babae. Ilan ang nakakaalam kung ano ito? Tunay. Nakikipamuhay ang babae kasama ng ikaanim niyang asawang lalaki.

Kaya, nakita n'yo, mali kapag may asawa kang buhay pa, naroon, at—at iba pa, at pumupuslit-puslit pa. Na anupa't para lamang sa kung anong dahilan, ay hihiwalayan ang isang babae, at pakakasalan siya, at pupunta't pakakasalan ang iba, pakakasalan ang isa pa, pakakasalan ang isa pa, hindi n'yo dapat gawin ang ganoon. Kaya sabi Niya, ang babae'y . . .

Pagkatapos ang babae, sa palagay ko'y nakikipamuhay siya kahit na hindi ikinakasal sa kanila. Marahil hindi siya ikinasal sa kanila. Marahil hindi pa siya nakakasal kailanman. Kaya nasabi ng babae ang lahat ng masasamang bagay na ito, alam n'yo, nagawa niya ang lahat ng masasamang bagay na ito.

Kaya habang nakatayo Siya roon, pinagmamasdan ang babae nang *ganoon*, sabi Niya, "Pumunta ka't, dalhan Mo ako ng maiinom." At sabi nito . . . "Subalit kung nakikilala mo kung Sinong kausap mo, hihingi ka sa Akin ng maiinom. Dadalhan Kita ng tubig na hindi mo ipinarito . . . Bibigyan Kita ng tubig, na hindi mo ipinarito para inumin." Pagkatapos sabi Niya, "Humayo ka, tawagin mo ang iyong asawang lalaki at bumalik dito."

Sabi nito, "Ginoo, wala akong asawa."

"Oh," sabi Niya, "tama ang sabi mo. Nagkaroon ka na ng limang asawa, at 'yung mayroon ka ngayon ay hindi mo asawa. Haya't tama ang sinabi mo." Siya, pakinggan n'yo, ang babaing 'yun . . . Ngayon noong ang . . .

Anong itinawag sa Kanya ng mga Judio noong makita nila Siyang ginagawa ang ganoon? Nakilala ba nila na Siya na yaong Mesiyas? Hindi. Anong sinabi nila kung ano raw Siya? "Beelzebub, isang manghuhula," sabi "ang kapangyarihang 'yun ay Beelzebub." At tinawag nila ang Espiritu ng Diyos, na gumagawa ng espirituwal na pagkilalang 'yun, na "isang maruming bagay."

Sabi Niya, "Magsalita man kayo ng salita laban sa Akin, patatawarin Ko kayo. Subalit balang araw sa pagdating ng Espiritu Santo, at kapag gagawin n'yo ang ganoong bagay; na magsasalita ng isang salita laban Dito, hindi na kayo mapapatawad kailanman."

230 Kaya nakita n'yo na kung nasaan na tayo ngayon, kung 'yan ay nangyari sa panahon ngayon. "Isang salita lang laban Dito, ay hindi patatawarin, maging sa mundong ito o sa mundong darating." Kaya nakita n'yo kung anong nagawa ng henerasyong ito. Ngayon bulayin n'yo 'yun. Isadiwa n'yong mabuti. Timbangin ang taimtim na mga Salitang ito.

231 Ngayon, sabi ng mga Judio, "Gumagawa ang Taong ito ng mga bagay na ito sa pamamagitan ni Beelzebub. Isa Siyang diyablo, manghuhula." Alam nating ang panghuhula ay ang diyablo. Kaya sabi nito, "Ang taong ito'y isang manghuhula."

232 Mangyari nga na pinatawad Niya sila sa pagtawag sa Kanya na isang manghuhula. Pero pagkatapos Niyang mamatay at bumalik ang Espiritu Santo, hayan nga na ibang usapan na ito. Kita n'yo? At iyon, 'yun ay sa henerasyong Gentil. Ngayon pansinin.

Ngayon, nakita na ito ng—ng mga Judio, binatikos ito.

233 Tinanggap ito ng mga Samaritano, at sabi ng babae, "Ginoo, nakikita kong Ikaw ay isang Propeta." Anong gagawin mo rito, Samaritana? "Nakikita kong Ikaw ay isang Propeta. Nalalaman namin na kapag dumating ang Mesiyas, ipapahayag Niya sa amin ang mga bagay na ito." Kita n'yo, napagkikilala nila ang Mesiyas, kung Sino ba Siya. Sabi, "Nalalaman naming ang Mesiyas, na tinatawag na Cristo, pagdating Niya ay ipapahayag Niya sa amin ang mga bagay na ito. Subalit Sino Ka? Ikaw ba'y Kanyang propeta?"

Sabi Niya, "Ako Siya. Ako Siya."

234 At sa ganito! Ngayon pakinggan n'yo. Sa ganito, iniwan niya ang kanyang banga ng tubig at tumakbo papunta sa bayan, at nagpunta roon upang sabihin sa mga tao sa lansangan, habang tumatakbo sa bayan, sabi, "Halikayo, tingnan ninyo ang isang Tao Na nagsabi sa akin ng mga bagay na aking ginawa! Ito na nga kaya mismo ang Mesiyas?" At ang sabi ng Biblia'y sumampalataya kay Jesus ang buong bayan dahil sa sinabi na ito ng babae, na sinabi Niya sa kanila, dahil Siya ang Mesiyas.

235 Ngayon, kung 'yun ay tanda ng Mesiyas nang nakaraang panahon, at Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, haya't magiging ganoon ding tanda ito sa panahong ito. Tama ba? Ilan ang sasang-ayon dun? Tunay, oo, ito nga'y magiging ganoon din. Buweno.

236 Ngayon, magiging iba ba itong tao? Hindi. Inibig Niya ang tao, umiyak Siya, tumangis Siya, natulog Siya, nagpunta Siya

sa ilang, nangisda, ginawa ang katulad ng sinumang iba pang tao. Sadyang tao nga Siya, kita n'yo, pero sa kabila nun Siya'y ang pinahirang Mesiyas.

237 Ngayon, ngayon maaalala natin doon sa Biblia, na sinasabi sa atin noon pa, kung saan dumadako tayo sa maraming mga Kasulatan at mapatutunayan na sinasabi mismo ng Biblia na magkakaroon ng "Isang araw na hindi gabi ni araw," sadyang mapanglaw na araw, mga organisasyon at iglesya, at sapat lamang upang maligtas, "subalit sa gabi ay Magliliwanag." Ilan na ang nakabasa nito sa Biblia? Siyanga. Kita n'yo?

238 Ngayon, sa ibang salita, sumisikat ang araw sa Silangan at lumulubog sa Kanluran. Ang siya ring araw na sumisikat sa Silangan, ay lumulubog sa Kanluran. Buweno, mangyari nga na ang Anak ng Diyos, A-n-a-k, ay sumilang sa Silangan, sa mga taong Silanganin. Naglalakbay ang sibilisasyon, naglalakbay na kasama ng araw, at nasa Kanlurang Baybayin na tayo ngayon. Kung tatawid ka, mapupunta ka ng Tsina, pabalik itong muli sa Silangan. Kaya kung ganoon ang siya ring Anak na suminag sa Silangan ay sumisinag na ngayon sa Kanluran, na may siya pa ring bautismo ng Espiritu Santo, siya pa ring mga tanda, siya pa ring mga kababalaghan, siya pa ring Mesiyas. Tama po ba? "Sa gabi ay Magliliwanag, ang landas patungo sa Kaluwalhatian ay tiyak mong masusumpungan." Siyanga.

239 Nasa gabi na tayo, ang panggabing Liwanag. Papalubog na ang araw. Nasa kalagitnaan na natin ang Mesiyas. Ang Anak ng Diyos, sa anyo ng Espiritu Santo, ay nasa kalagitnaan natin. Naniniwala ba kayo roon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Naniniwala ba kayong lingkod Niya ako? ["Amen."] Naniniwala ba kayong ang sinasabi ko sa inyo ay ang Katotohanan? ["Amen."] Pinaniniwalaan n'yo ba ang kuwento ng Anghel na 'yun kahapon ng umaga, 'yung araw bago kahapon ng umaga? ["Amen."] Naniniwala ba kayo rito? ["Amen."] Kung ganoon hayaan n'yong ang Diyos ng Langit, hayaan n'yong ang Diyos na nagpakita sa akin sa anyo ng bahagharing 'yun, hayaan n'yo Siyang magsalita. At hayaan n'yong maihandog sa Kanya ang katawan ko, ang kaluluwa ko, espiritu, at isipan, na maihandog para sa Kanyang ikaluluwalhati. Noong hinahanap ko ang huling squirrel na 'yun, at alam kong 'yun na ang huli, tatlong minuto na noon bago mag-alas diyes, at nasabi ko nang mangyayari 'yun bago pumatak ang alas diyes.

Alam n'yo, sabi Niya, "Sabihin mo ang ibig mong mangyari. Ipangyayari ito." Hindi pa Siya kailanman nabibigo, ano't anuman. "Sabihin mo lamang ang ibig mong mangyari."

Pero mangyari nga na ang ikawalong beses na naipangyari 'yun kailanman, ay sa isang munting babae. Nakaupo siya riyan marahil ngayon sa likod, sa pakiwari ko. Nakikita ko si Kapatid na Wright na nakaupo rito. Si Hattie Wright, noong humiling

siya para sa dalawa niyang an-. . . Hayan po siya, nariyan siya mismo ngayon. Para sa kaligtasan ng dalawa niyang anak, (hindi po ba?) na ang dalawang ito'y mariin na tutol dito noon. Sabi ko "Ipinagkakaloob ko sa iyo ang iyong mga anak, sa Pangalan ni Jesus Cristo." Nasubasob ang dalawang anak mismo sa kanyang tuhuran.

240 Si Ed Daulton, Baptist na nakaupo rito, taga-roon sa Kentucky, nakaupo rito mismo. Ilan ang anak mo, Ed? Labindalawang anak. Nakatayo mismo rito, hiniling niya ang kanyang mga anak. Lumabas ako ng gusali. Pinuntahan akong muli ni Ed; sabi ko, "Ed."

Sumasaakin ang Espiritu Santo noong sandali na 'yan, sabi, "Ipagkaloob mo ito sa kanya. Ipagkaloob mo sa kanya."

241 Sabi ko, "Ipinagkakaloob ko sa iyo ang iyong mga anak." Ang bawat isa sa kanila, ligtas at nabautismuhan na. Naroon ang kanyang teenager na nakaupo sa bahay, naghihintay, umiiyak, naligtas na mula noong naparito siya. Ang kapatid na lalaking Baptist na ito na taga-roon sa . . . Oh, oh, napaka kahanga-hanga nga Niya kapag Siya'y nangungusap!

242 Hinihiling ko sa Kanya ngayon, para sa Kanyang ikaluluwalhati, na ipakita ang Kanyang Sarili, na Siya'y Cristo, na nagsasabi ako ng Katotohanan.

243 Ngayon, para ang—ang di-mananampalataya ay wala nang maidadahilan. Gusto kong ang mga narito, na may sakit at nangangailangan, may pangangailangan sa Diyos, na hindi ko kakilala, mga dayo sa ating mga pintuan, mga taong hindi ko kakilala, na narito, at mayroon kayong pangangailangan sa Diyos, itaas n'yo ang inyong mga kamay. Saanman kayo riyan. Haya't, buweno, sa pangkalahatan po, siyanga. Mga tao na hindi ko kakilala. Kung matawag ko ang isang kakilala ko, na kakilala ko at kilala n'yo ako, at—at kilala natin ang isa't isa, huwag kayong magsasabi ng kahit ano, kayo lamang ay manatiling tahimik. Kung Siya ang Anak ng Diyos, na Siya nga, at kung tama ang Mensahe ko, at ang Anghel na 'yun . . .

244 Noong tatlong minuto na lang bago mag-alas diyes, sabi ko, "Oh Diyos, Na nagpakita sa akin kani-kanina lang doon sa bahaghari, tatlong minuto na lang. Wala pa akong nakikitang squirrel. Tatlong minuto na lang, kinakailangang magdala Ka ng isa sa akin." At ang Diyos bilang aking Hukom, haya't taimtim ko pong sinasabi ito na nakapatong ang kamay ko sa Biblia. Hindi ako naniniwala sa panunumpa, hindi 'yun sinasabi ng Biblia; sinasabi Nitong huwag gagawin 'yun. Subalit ang Diyos ang aking Hukom, isang squirrel ang tumakbo roon mismo sa ibaba ng punongkahoy at naupo nang saktong-sakto. Hindi pa Siya kailanman nabigo; hindi pa Siya kailanman nabigo. Marami sa kanila na narito ang naroon at alam ang mga bagay na 'yun. Alam kong Siya, ang siya ring Diyos na 'yun, ay narito.

245 May mga naipamigay na mga prayer card. Ayaw ko nung mga kakilala na. Hahayaan nating ang mga tao'y maipanalangin sa ilang mga minuto, papupuntahin dito sa pila. Ayaw ko nung mga—mga taga-rito, o parang ganoon.

246 Gusto ko 'yung mga dayo. Gusto ko 'yung mga taong hindi ako kilala. Gusto kong ilagay n'yo sa inyong isipan, gusto kong binubulay n'yo at ipinapanalangin n'yo, at sinasabi, "Diyos, hindi po ako kakilala ng taong 'yun."

247 At isang araw isang munting babae ang nakipagsiksikan sa karamihan. Dinudugo siya. At sabi niya . . .

248 Noong sinasabi nilang lahat, "Heto Siya! Tingnan n'yo Siya! Hayun na 'yung taga-Galilea," at kung anu-ano pa. Lahat silang mga rabi at kung sino pa ay nakatayo roon noon, nagsasabi, "Rabi, ibig naming makakita ng isang tanda mula sa Iyo," at parang ganoon.

249 Sabi ng munting babaing ito, "Naniniwala akong Siya ang Anak ng Diyos. At naniniwala akong kung mahahawakan ko lamang ang laylayan ng Kanyang damit, ako'y gagaling." Ilan ang nakakaalam nun? Hinawakan Siya nung babae.

250 Hindi sa naramdaman Niya; pero huminto Siya't bumaling, ang sabi, "Sinong humawak sa Akin? May humawak sa Akin." Tumahimik ang lahat. Sabi, "May humawak sa Akin." Sabi, "Sinong humawak sa Akin?"

251 At tumingin-tingin Siya sa paligid hanggang sa natagpuan Niya ang munting babae. Hindi maitatago ng babae ang kanyang sarili. Na di matatagpuan. Natagpuan siya't sinabi sa kanya, "Iniligtas ka ng iyong pananampalataya." Sabi, sinabi sa kanya, ang kanyang pagdurugo ay ligtas na da- . . . tumigil na ang pag-agas ng dugo, dahil nanampalataya ang babae, at nahawakan ng pananampalataya ng babae ang Kanyang damit. Naniniwala ba kayo roon? Buweno.

252 Ngayon, Siya ba'y Dakilang Saserdote ngayon na nakaupo sa kanan ng Diyos, namamagitan sa ating pagpapahayag? Sinasabi ba ng Biblia na Siya ang Dakilang Saserdote na nahihipo't nahahabag sa ating mga kahinaan? Tama po ba? Buweno, kung kayo ay may sakit, simulan n'yong manalangin, sabihin, "Panginoong Diyos, kapapakinig ko lamang po ng isang Mensahe. Hindi ko—hindi ko kilala ang lalaking ito. Narito ako—narito ako sa tabernakulo. Hindi ako dumadalo rito, hindi rito ang sarili kong simbahan. Taga-ibang lugar ako. Taga-roon ako sa labas ng bayan, taga-ibang lugar ako. Hindi ko kilala ang lalaking ito. Pero ginaganap niya ito, na para bang ginagawa niyang positibong-positibong Ikaw ito, at sinabing nagpakita Ka sa kanya, na tama ang kanyang Mensahe, at kung papaanong isinasagawa Mo ang mga bagay na ito. Ngayon, hindi ko kilala ang lalaking ito, pero napagkikilala po Kita. Kaya kung talagang inihandog ng lalaking ito ang kanyang sarili sa Iyo, at ginagamit

Mo ang katawan niya upang salitain ang Iyong Sariling Mga Salita sa pamamagitan niya, hayaan Mong makipag-usap siya sa akin. Hayaan Mo pong mahawakan ko ang Iyong damit, Panginoon." At tingnan n'yo kung gagawin nga Niya o hindi! Tingnan n'yo kung Diyos nga Siya.

253 Kung Diyos pa rin Siya, kaya Niyang gamitin ang mga labi ko upang salitain ang siya ring mga salitang sasalitain Niya, dahil wala Siyang mga labi kundi ang sa akin at ang sa inyo. Wala Siyang mga mata kundi ang sa atin. Kaya bumababa lamang Siya at pinatatakbo ang Kanyang Iglesya sa pamamagitan ng katawan natin. Naniniwala ba kayo roon? Nagpapatakbo, Siya Mismo! Iyon ang sabi Niya. "Ang mga gawang Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo." Tama po ba? "Ang siya ring mga gawa, ay gagawin ninyo." Iyon ang mga gawang ginawa Niya, upang patunayang Siya ay Mesiyas. Ngayon, kung Siya ang Mesiyas, at Siya nga, kung ganoon, yamang totoo iyon, kung ganoon ginagawa Niya ang siya pa ring mga gawa ngayon din, sa pamamagitan ng Kanyang Iglesya, na ginawa Niya noon. Nagpapatunay 'yan na tama ito, kahit ano pa man ang lahat ng mga denominasyon n'yo. Oh, hallelujah!

254 Ang munting matandang Kapatid na lalaking Kidd at Kapatid na babaing Kidd na nakaupo rito, silang pareho, at walumpung taong gulang na sila, nangangaral na bago pa man ako isinilang. Dito'y nakahimlay siya noong isang umaga, nagaagaw-buhay, dahil sa kanser, mga nasa dalawang taon na ang nakalilipas, kumalat hanggang umabot sa kanyang prostate; sa dako roon ng Ohio. Naging mga pinakamamahal kong mga kaibigan. Tinawagan ako ni Kapatid na babaing Kidd, sabi, "Billy, mabuting magmadali ka. Talagang naghihingalo na siya, naghihingalo na mismo ngayon." At halos paliyabin namin ni Billy sa tulin 'yung lumang segunda manong kotse ko, sa pagsugod dun.

255 Noong pagpasok ko roon sa silid, pagkarating na pagkarating ko roon, nagsalita ang Espiritu Santo, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON."

256 Hayan siyang nakatayo ngayon, isang patotoo sa kaluwalhatian ng Diyos, anupa't naantig pa ang kanyang doktor. Sadya ngang, Diyos Siya! Kaya ko bang gawin 'yun? Hindi, po! Ang mga salita ko'y hindi hihigit kaysa kanino pa mang tao. Subalit 'yun ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Amen.

257 Maraming taon na ang nakalipas, doon sa kabundukan ng Kentucky, isang munting kalugod-lugod na mga taga-Church of God, o may ilan sa kanila, na mabibigat ang pasan papaakyat at pababa sa mga gilid ng burol, nagdidikdik ng mais gamit ang kapiraso ng kung anong bagay, kasama ang kalugod-lugod na nanay Kidd, upang ipakain sa isang grupo ng mga bata

roon; naghuhugas lang siya ng palanggana, upang maipadala ang kanyang asawang lalaki doon sa pagmi-misyon.

258 At heto na sila't nasa otsenta anyos na sila, nakaupo rito ngayong araw, na tinatamasa ang Ebanghelyo ni Jesus Cristo, bumibiyahe sila nang humigit-kumulang sandaan na milya kada Linggo ng umaga, bawat Linggo na nangangaral ako sa dako rito, kapag nababalitaan nila ang tungkol dito. Tunay, pinapadalhan natin sila ng mga paanyaya't, gusto nilang pumunta. Pagpalain ang kanilang kalugod-lugod na mga puso. Siyanga. Gusto kong ang bawat isa na narito'y kamayan sila ngayong umaga, kung magagawa nila, pagpalain sila.

Ngayon manalangin kayo.

259 Oh, labis akong nagagalak na malaman na Siya ay Diyos. Napakasarap sa pakiramdam! Sasabihin n'yo, "Para saan ang pagpapatagal mo, Kapatid na Branham?" Hinihintay ko Siya. Ito'y isang. . .Haya't katatapos ko lang mangaral. Ito nama'y isang panibagong pahid.

260 At kung darating Siya at gagawin ito, ilan ang narito kung ganoon, na may sakit, ang tatanggap sa Kanya bilang kanilang Tagapagpagaling? Itaas lamang n'yo ang inyong mga kamay, lahat ng mga taong may sakit, kung Kanyang—kung Kanyang ibubunsod ito. Itaas n'yo ang inyong mga kamay, lahat po ng may sakit, na nakikitang ang Mesiyas, si Cristo, ay nasa kalagitnaan ng mga tao, nangungusap.

261 Manalangin. Manampalataya. Iaalay ko na ang panig na ito ng bahay-sambahan. Nakikita ko na marami na ang nananalangin. Nakikita ko ang pahid.

262 Tingnan n'yo. Ilan po ang nakabalita dun, sa Haliging Apoy roon, na ipinasabit ng siyensya sa Washington, DC? Alam n'yo 'yun. Heto ang litrato Nito, dito mismo, ang siya ring Haliging Apoy na pumatnubay noon kay Moises. Mangyari nga na maging siyensya'y nagsabi, "Balang araw ito'y makikita na nasa mga estante na ng mga tindahan. Ang nag-iisang sobrenatural na Personang nakuhanan ng litrato kailanman."

263 Ang siya ring Anghel na 'yun ay narito mismo sa may pulpito ngayon din. Hangarin n'yo ito. Hinahamon ko kayong sampalatayanan ito. Kayong mga taga-labas, manampalataya kayo.

264 Ngayon sadyang kinakailangan kong pagmasdan kung saan ko Ito makikitang papunta. Magpitagan po, ang bawat isa, sa Kanyang Presensya, sa Kahanga-hangang 'yun.

265 Nakikita ko ang isang lalaki. Heto siya. Nakaupo siya sa kaliwa ko, narito mismo sa sulok. Pinahihirapan siya ng sakit sa sinus at sakit sa tiyan. Manampalataya ka nang buong puso mo. Isa kang estranghero sa akin. Haya't G. Wells. Yun ang pangalan mo, G. Wells. Hindi ka taga-rito. Taga-roon ka sa isang lugar na

tinatawag na Aurora, Illinois. Totoo ’yun. Totoo ba? Isa akong estranghero sa iyo. Kung tama, itaas mo ang iyong mga kamay. Tumayo ka. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo.

Nananampalataya ka na ba ngayon? “Kung kaya mong manampalataya.”

266 Ngayon, diyan, ang lalaking ’yun, hindi ko pa siya nakikita kailanman sa buhay ko, at ganap siyang estranghero sa gitna natin. Taga-ibang estado siya. At ang Espiritu Santo, ngayon, kung ano man ang sinabi Nito sa kanya, hindi ko malalaman hanggang sa mapakinggan ko ang teyp na ito uli. Ang pahid ito na bumababa sa iyo. Pero alam nung lalaki.

267 Ang sinabi sa iyo ay katotohanan. Tama ba, ginoo? Oo. Tayo’y di magkakilala. Mayroong, sige’t hayaan siyang magpatotoo mismo.

Sinong may gawa nun? Ang Mesiyas, si Cristo.

268 Heto ang isang ginang na nakaupo sa dako rito, sa gitna ng mga tao, dito mismo. Nakikita n’yo ba ang Liwanag sa itaas niya? Pinahihirapan siya ng sakit sa balat. Gng. Pitman, ikaw ay taga-Owensboro. Kung isa kang estranghero, iwagayway mo ang iyong kamay. Totoo ba ang mga bagay na ito? Iwagayway mo ang iyong kamay. Pinagaling ka ng Diyos. Hindi ko pa nakikita ang babae, noon, haya’t sa isang pangitain lamang.

269 Nang sa gayon maalaman n’yo, mula mismo riyan sa iyo ay isang babaing nagngangalang Ellis, Gng. Ellis, isang bata pang babae. Mayroon siyang sakit na pambabae. Isa rin siyang estranghero. Kung tama, iwagayway mo ang iyong kamay. Nanay mo ba ’yang nakaupo sa tabi mo riyan? Isa pong ginang ito na nakaupo riyan, na pinahihirapan ng takot, isang complex ng pagkatakot sa kanya. Kung tama, itaas mo ang iyong kamay, ginang. Sige. Wala na ang pagkatakot. Makakauwi ka na, maging magaling ka na. Hinahamon kita na manampalataya.

270 Doon sa likuran, sa sulok, sa dako roon, isang lalaking taga-Minnesota, na may sakit sa likod. Ang pangalan mo ay G. Carson. Tumayo ka sa iyong mga paa. Wala na ang sakit mo sa likod. Pinagaling ka ni Jesus Cristo.

271 Dito naman sa bandang likod dito, isang ginang ang nagdurusa. Taga-labas siya ng bayan. Siya’y taga-roon sa isang lugar na tinatawag na Blue Island. May sakit siya sa puso. Malapit ’yun sa Chicago. Gng. Braiden, tumayo ka, tanggapin mo ang iyong kagalingan. Umuwi ka at maging magaling na, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

272 Nananampalataya ba kayo? Sige’t paano naman sa bahaging ito? Alam n’yong ’yun ang Mesiyas? Papaanong malalaman ’yun ng isang tao?

273 Ang lahat ng mga natawag, hanggang ngayon, at nalalaman na wala akong kaalam-alam na anuman tungkol sa inyo, itaas

n'yo ang inyong mga kamay, lahat kayo na mga natawag na, sa palibot. Nakikita n'yo ba riyan?

274 May isa sa likuran ko, nananalangin, sa likod, doon sa isang silid. Isa itong bata pang lalaki, olandes ang buhok, nananalangin para sa isang pinsan na naroon sa Kansas, may kanser. Pumunta ka sa may pintuan. Manampalataya ka sa Diyos. Sumasampalataya ka ba?

275 Elmer, may pakikipag-ugnay sa iyo. Nakikita ko ang iyong ama na nakaupo roon, ang kanyang maybahay. May altapresyon. Kung sumasampalataya ka, pagagalingin ka ng Diyos. Hindi kita kilala. Tama. Hindi ba? Manampalataya ka nang buong puso mo.

276 Nananampalataya ba kayo? Naniniwala ba kayo si Jesus Cristo'y ang Mesiyas? Nananampalataya ba kayo na ang Kanyang Presensya ay narito? Alalahanin n'yo, noong nahawakan ng isang babae ang damit ni Jesus, nanghina si Jesus. May kapangyarihan, kalakasan, na lumabas mula sa Kanya. Halos mawalan na ako ng lakas ngayon. Nananampalataya ba kayo?

Kung ganun iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali lamang.

277 Oh Jesus, Mesiyas ng Diyos, Ikaw kailanman ay nasa malapit. Nababatid ng mga taong Ikaw ang Anak ng Diyos, na narito Ka ngayon. Ang Iyong mga dakilang tanda't mga kababalaghan ay napatutunayan. Pagpalain Mo po sila, Ama. Pagpalain Mo po sila, 'yan ang dalangin ko. Sila nawa ngayon mismo ay manampalataya, nang buong puso nila, na Ikaw, na Mesiyas, ang Siyang nakatayo rito. Walang makagagawa nun. Imposible 'yun sa tao, Panginoon. Himala, ang makita ang kapangyarihan ng Mesiyas na pumunta sa isang munting, hamak na lugar na tulad nito, dahil ipinangako Mo ito, Panginoon. Dahil, narito ang Iyong biyaya upang biyayaan kami. Yamang Iyong pangako ito na gagawin ito, Iyo ngang ginawa ito. Nakikita namin na hindi Mo iniiwan ang Iyong mga hinirang.

278 Ngayon, Diyos Ama, nawa yaong may mga prayer card, na pumipila sa pila ng panalangin, magkaroon nawa sila ng pananampalataya upang makasampalataya. Oh Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na kapag mapatungan sila ng mga kamay, dumulog nawa sila rito, na nagagalak, sumisigaw, nagpupuri sa Diyos, na gumaling na sila. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

279 At malaman nila na mga naligtas na, na walang lihim-lihim sa Diyos. Inihahayag ng Diyos ang mga lihim ng puso; alam Niya ang bawat pag-iisip na nasa aming mga isipan. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Humihiling po kami sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

280 Ngayon, kayong may mga prayer card, diyan sa mga tagapakinig, kayong mga nakapaligid sa tabernakulo, sa paligid

dito, na may mga prayer card, sumasampalataya ba kayo? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. At maniwalang hindi 'yun kayang gawin ng isang tao. Kinakailangang magmula 'yun sa Diyos. Naniniwala ba kayong pangako ito ng Diyos, na sinabi ng Diyos na gagawin Niya ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Buweno. Kung ganoon alam n'yong may Isang narito na hindi lang tao.

281 Taimtim kong dinadala ang Salitang ito, sa harapan ng Diyos. Ang nakausap ko kanina, sino man sila, hindi ko sila kilala, at hindi rin nila ako kakilala. Mga dayo sila na bumisita lamang dito sa tabernakulo, kung saan man sila galing.

282 Nakakakita ako ng ilang mga pangitain sa mga tao rito na nasa tabernakulo, pero isasantabi lamang muna natin ang mga ito, oo, isasantabi lamang muna natin.

283 Ang mga taong natawag, sino man kayo, haya't 'yan ay para makita ng iba na kayo'y mga dayo, itaas n'yo ang inyong kamay. Kita n'yo? Bawat isa, lahat ay di ko mismo kakilala.

284 Mangyari po may Isa na patuloy akong pinapakilos. Nakikita ko ang isang itim na ginang na lumilitaw sa harap ko, maya't maya, may rayuma at mataas na presyon ng dugo. Oo. Isa kang dayo sa gitna namin. Taga-Memphis ka, Gng. Sals. Yun ang pangalan mo. Unang beses mo rito. Nananampalataya ka ba sa Panginoon, nang buong puso mo? Kung ganoon makakauwi ka na't magtamo ka ng kaligtasan, gumaling ka. Inihahatid ito ng Diyos para sa kanya.

285 Manampalataya kayo nang buong puso n'yo, bawat isa po. Itaas n'yo ang inyong mga kamay ngayon, bawat isa po. Manampalataya kayo nang buong puso n'yo. Ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa.

Sige po, Kapatid na Neville. Sige po, maghandog ka po ng panalangin.

286 Habang nakayuko ang ating mga ulo, mananalangin po si Kapatid na Neville.

*ANG MENSAHE NG BIYAYA* TAG61-0827
(The Message Of Grace)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Agosto 27, 1961, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org